



**Isang Patnubay para sa  
Magulang Sa  
Mga Serbisyo sa  
Espesyal na  
Edukasyon**

**(Kabilang ang mga Karapatan at  
Pagsangalang sa mga Proseso)**



**Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles**

**Nirebisa  
Setyembre 2018**



Unang Nilimbag: 2000

Karapatang-ari © 2018, 2016, 2014, 2009, 2007, 2006, 2005, 2000 ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles

Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin sa pamamagitan ng anumang proseso o pamamaraan, nang walang naunang nakasulat na pahintulot ng Associate Superintendent, Sangay ng Espesyal na Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles. Ang publikasyong ito ay hindi binubuo ng legal ng payo at hindi rin ito dapat tratuhin bilang panghalili para sa paghahanap ng isang independiyenteng payo ng abogado.

## PANIMULA

Ang mga guro, administrador, at mga kawani ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles ay naniniwala sa pantay na halaga at dignidad ng lahat ng mga estudyante at nakatalagang turuan ang lahat ng mga estudyante sa pinamataas nilang potensiyal. Misyong namin na i-maximize ang pagtuto ng lahat ng mga estudyante sa loob ng inklusibong kapaligiran upang ang bawat estudyante ay makaka-ambag at makikinabang sa ating lipunang may iba't ibang kultura at lahi.

Ang Patnubay na ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon na kinakailangan mo upang maintindihan ang proseso ng espesyal na edukasyon. Ipinapaliwanag nito ang iyong mga karapatan, ang mga karapatan ng iyong anak, at kung paano ito gagamitin sa ilalim ng Federal Individuals with Disabilities Education Act (Pederal na Batas para sa Edukasyon ng Mga Taong May Kapansanan) at California Education Code (Batas sa Edukasyon sa California).

Nagsisilbi rin ang Patnubay bilang iyong abiso sa mga pananggalang sa proseso (procedural safeguard) na kinakailangang ibigay sa iyo ng batas Pederal at ng Estado. Matatanggap mo ang isang kopya kapag nagsisimula ang isang taon ng paaralan at:

- Sa unang pagkakataong imumungkahi ang iyong anak para sa pagtatasa sa espesyal na edukasyon at sa unang pagkakataon na hihiling ka ng pagtatasa.
- Sa unang pagkakataon na maghahain ka ng reklamo sa Estado, humiling ng pag-aayos upang magkasundo (mediation), o isang kahilingan para sa makatarungang kaparaanang pagdinig (due process hearing) sa isang taon ng paaralan.
- Kung kailanman ginawa ang desisyon na magkaroon ng aksiyong pandisiplina na nagdudulot ng pagbabago sa pagkalagay sa isang programa.
- Kapag binawi mo ang pahintulot para sa patuloy ng pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo para sa iyong anak.
- Kapag humihiling ka ng kopya.

Mangyaring sumangguni sa Talaan ng Nilalaman upang malaman ang impormasyong kinakailangan mo. Inaasahan namin na ang patnubay na ito ay tutulong sa iyong makipagtrabaho sa iyong paaralan at Distrito upang maibigay ang pinaka-angkop na edukasyon para sa iyong anak.

## **KARAGDAGANG IMPORMASYON**

Kung pagkatapos mong basahin ang patnubay na ito gusto mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa espesyal na edukasyon o may karagdagang tanong ka tungkol sa edukasyon ng iyong anak, maaari mong kontakin ang guro ng iyong anak, ang punong-guro ng paaralan, at/o ang iyong Local District Special Education Administrator (Administrador ng Espesyal na Edukasyon sa Lokal na Distrito) para sa tulong. Ang impormasyon sa pagkontak ay nasa likod na pabalat. Bukod pa dito, maaari mong tawagan ang:

### **School Family and Support Services (SFSS, Pampaaralan, Pampamilya at Pansuportang Serbisyo) (213)-241-6701**

Ang yunit ng School and Family Support Services (SFSS) ng Division of Special Education (Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon) ay namamahala sa trabaho ng Call Center at ng Complaint Response Unit. Ang SFSS ay kolaboratibong nagtatrabaho kasama ng mga pamilya, estudyante, kasamahan at iba pang mga kasosyo sa edukasyon upang itaguyod ang tagumpay at kapakanan ng bawat estudyante sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon, mga rekurso, at tulong hinggil sa espesyal na edukasyon.

### **Call Center (213) 241-6701**

Ang layunin ng Call Center ay upang pangasiwaan ang mga katanungan at ikinababahala na nauugnay sa espesyal na edukasyon.

### **Complaint Response Unit (CRU, Yunit sa Pagtugon ng Reklamo) ng Distrito (800)933-8133**

Ang layunin ng CRU ay magbigay sa Distrito ng isang oportunidad upang malutas ang mga reklamo ng magulang nang hindi mangangailangan ang mga magulang na gumamit ng mga mekanismo ng pamamaraan sa pagreklamo sa labas at mga makatarungang kaparaanang pagdinig. Pinapangasiwaan ng CRU ang mga katanungan at reklamo na kaugnay sa espesyal na edukasyon at nagbibigay ng mga tugon na ayon sa batas sa mga magulang na naghahain ng mga reklamo.

### **Community Advisory Committee (CAC, Komiteng Nagpapayo sa Komunidad) (213)481-3350**

Ang CAC, na iniutos ng batas ng California, ay binubuo ng mga magulang, estudyante at taong nasa wastong gulang na may mga kapansanan, mga guro, ibang mga kawani ng paaralan, mga kinatawan mula sa ibang mga ahensiya, at mga taong nag-aalala sa mga pangangailangan ng mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang CAC ay nagpapayo sa Distrito sa pagbuo ng kanilang Lokal na Plano sa Special Education Local Plan Area (SELPA, Lugar ng Lokal na Plano para sa Espesyal na Edukasyon). Regular na nagsasagawa ang CAC ng mga pagpupulong. Para sa impormasyon hinggil sa mga petsa ng pagpupulong, mangyaring tumawag sa (213) 481-3350.

## TALAMAN NG NILALAMAN

<b>MGA SERBISYO SA ESPESYAL NA EDUKASYON</b> Nangangailagan Ba Ang Iyong Anak Ng Mga Serbisyo sa Espesyal Na Edukasyon? Ano ang mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon? Ano ang Mga Kaugnay na Serbisyo? May Mga Serbisyo ba para sa Mga Bata na Wala Pang Tatlong Gulang? Kailan Karapat-dapat ang Bata para sa Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon?	Pahina 1
<b>ANG PROSESO PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON</b> Hakbang 1: Pagmumungkahi para sa Pagtatasa Hakbang 2: Pagtatasa Hakbang 3: Pagbuo at Implementasyon ng isang Individualized Education Program (IEP, Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal) Hakbang 4: Pagrepeaso ng IEP	Pahina 2
<b>MGA KARAGDAGANG KARAPATAN SA ILALIM NG PROSESO NG ESPESYAL NA EDUKASYON</b> Ang Iyong Karapatan upang Makatanggap ng Paunang Nakasulat na Abiso Ang Iyong Karapatan upang Magpahintulot sa mga Aktibidad na Sangkot ang Iyong Anak Ang Iyong Karapatan na Bawiin ang Pahintulot Para sa Patuloy na Pagbibigay ng Espesyal na Edukasyon at Mga Kaugnay na Serbisyo Ang Iyong Karapatan Upang Ma-akses ang Mga Pang-edukasyong Rekord ng Iyong Anak Ang Iyong Karapatan sa Mga Pananggalang sa Proseso (Procedural Safeguard) upang Malutas ang Mga Di Pagkakasundo sa Kung Ano Ang Angkop Para sa Iyong Anak <ul style="list-style-type: none"><li>• Informal Dispute Resolution (IDR, Impormal na Paglutas ng Pagtatalo)</li><li>• Mga Usapin ng Makatarungang Kaparaanang Pagdinig (Due Process Hearing)</li></ul> Ang Iyong Karapatan upang Maghain ng Reklamo <ul style="list-style-type: none"><li>• Mga Lokal na Reklamo</li><li>• Mga Reklamo sa Estado</li></ul> Ang Karapatan ng Iyong Anak upang Maprotektahan laban sa Diskriminasyon at Panliligalig	Pahina 16
<b>IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGSASAULI NG NAGUGOL PARA SA PAGKAKALAGAY SA PRIBADONG PAARALAN NA WALANG PAHINTULOT O PAGMUMUNGKAHI NG DISTRITO</b>	Pahina 27
<b>IMPORMASYON TUNGKOL SA DISIPLINA</b>	Pahina 28
<b>IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA KAHALILING (SURROGATE) MAGULANG</b>	Pahina 30
<b>MGA KADALASANG GINAGAMIT NA ACRONYM</b>	Pahina 31

## **MGA SERBISYO SA ESPESYAL NA EDUKASYON**

### **Nangangailagan Ba Ang Iyong Anak Ng Mga Serbisyo sa Espesyal Na Edukasyon?**

Nakatalaga ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (Los Angeles Unified School District) na pagsilbihan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng bawat isa ng mga estudyante nito. Ang bawat paaralan sa Distrito ay may proseso na nagtitipon sa magulang o tagapag-alaga, sa estudyante, kung angkop, at sa kawani ng paaralan upang tugunan ang anumang problema na humahadlang sa tagumpay ng estudyante sa paaralan. Ang pangkat na ito ay ang Student Support ang Progress Team (SSPT, Pangkat sa Pagsuporta sa Estudyante at Progreso). Responsable ang pangkat para tukuyin ang mga pangangailangan ng estudyante, pagbibigay ng mungkahi sa mga angkop na interbensiyon, at pagbuo ng plano upang makaya ng estudyante na magtagumpay.

Ang estudyanteng may kapansanan ay maaaring maging kuwalipikado para sa mga akomodasyon o mga modipikasyon sa silid-aralan sa ilalim ng Seksiyon 504 ng Rehabilitation Act (Batas sa Rehabilitasyon) ng 1973. Ikaw o ang guro ng iyong anak ay maaaring magsumite ng isang nakasulat na kahilingan sa administrador ng paaralan para sa Seksiyon 504 na pagtatasa ng iyong anak upang malaman kung maaaring angkop ang mga akomodasyon o modipikasyon. Aabisuhan ka kung kailan gaganapin ang pagpupulong para sa pagtatasa at hinihimok kang lumahok sa pagpupulong na ito. Pagkatapos, maaaring bibigyan ang iyong anak ng mga akomodasyon, modipikasyon at mga estratehiyang interbensiyon, sa silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon. Para sa karagdagang impormasyon sa Seksiyon 504 tingnan ang polyetong *Section 504 and Students with Disabilities (Seksiyon 504 at ang Mga Estudyanteng May Mga Kapansanan)* ng Distrito.

Subalit, paminsan-minsan, maaring mangailangan ang mga estudyante ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ang pagiging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon ay pinagpapasiyahan ng isang pangkat ng Individualized Education Program (IEP, Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal) pagkatapos na magkaroon ng pormal na pagtatasa ang estudyante. Makakatanggap lamang ang mga estudyante ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon pagkatapos na maisaalang-alang ang lahat ng mga rekurso ng programa ng pangkalahatang edukasyon.

### **Ano ang mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon?**

Ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ay pagtuturo na espesyal na dinisenyo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan sa edukasyon ng mga batang may mga kapansanan na tumutugon sa batayan ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng batas. Ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ay maaaring magsimula sa edad tatlo (3) at maaaring magpatuloy hanggang magtatapos sa pag-aaral ang iyong anak o umabot ng edad na dalawampu't dalawa (22).

### **Ano ang Mga Kaugnay na Serbisyo?**

Ang mga kaugnay na serbisyo ay serbisyo sa transportasyon, pagsulong, pagwawasto at iba pang mga serbisyo na kinakailangan upang tulungan ang bata na makinabang mula sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon.

### **May Mga Serbisyo ba para sa Mga Bata na Wala Pang Tatlong Taong Gulang?**

Sa California, ang mga batang may mga kapansanan na wala pang tatlong (3) taong gulang ay maaaring karapat-dapat para sa mga serbisyo ng maagang interbensiyon na tumutulong na mapahusay ang kanilang pagsulong. Ang mga batang kuwalipikado para sa mga serbisyo ng maagang interbensiyon ay maaaring tumanggap ng mga serbisyo mula sa Distrito kung mayroon silang, nag-iisang, kahinaan sa paningin, pandinig, o matinding orthopedic na kahinaan. Ang lahat ng iba pang mga bata sa ganitong sakop na edad na nagpapakita ng mga pagkaantala sa pagsulong o may napatunayang nang mga mapanganib na kondisyon na may kasamang nakakapinsalang kahihinatnan sa pagsulong ay tatanggap ng mga serbisyo ng maagang interbensiyon mula sa kanilang lokal ng Rehiyonal na Sentro. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Early Childhood Special Education Office (Tanggapan sa Espesyal na Edukasyon ng Musmos na Bata) ng Distrito sa (213) 241-4713.

## **Kailan Karapat-dapat ang Bata para sa Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon?**

Ang isang bata ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon kung natukoy ng isang pangkat ng IEP na may kapansanan ang bata at nangangailangan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon upang sumulong sa kanyang edukasyon.

Kabilang sa mga kapansanan ang:

- Autismo
- Bingi
- Bingi't Bulag
- Emosyonal na Gambala
- Napatunayang Medikal na Kapansanan (Para lamang sa mga bata na edad 3-5)
- Panghihina ng Pandinig
- Intelektuwal na Kapansanan
- Maramihang Kapansanan
- Orthopedic na Kahinaan
- Iba pang Kahinaan ng Kalusugan
- Partikular na Kapansanan sa Pagtuto
- Kahinaan sa Pagsasalita o Wika
- Traumatikong Pinsala sa Utak
- Kahinaan sa Paningin

## **ANG PROSESO PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON**

Ang proseso ng espesyal na edukasyon ay magpapasiya kung karapat-dapat o hindi ang iyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at kung gayon, anong espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo ang angkop para sa iyong anak.

May apat na karaniwang hakbang sa proseso ng espesyal na edukasyon:

**HAKBANG 1: Pagmungkahi para sa Pagtatasa**

**HAKBANG 2: Pagtatasa**

**HAKBANG 3: Pagbuo at Implementasyon ng isang Individualized Education Program (IEP, Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal)**

**HAKBANG 4: Pagrerepaso ng IEP**

### **HAKBANG 1: Pagmungkahi para sa Pagtatasa**

Ang magulang, tagapag-alaga, guro, iba pang kawani ng paaralan at mga miyembro ng komunidad na naniniwala na ang bata ay maaaring mangailangan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ay maaaring humiling ng pagtatasa para sa espesyal na edukasyon ng bata. Ang kahilingan ay dapat gawin na nakasulat at ibibigay sa punong-guro ng paaralan. Ang Request for a Special Education Assessment Form (Form ng Kahilingan sa Pagtatasa para sa Espesyal na Edukasyon) ay makukuna sa opisina ng lahat ng mga paaralan. Kapag natanggap ang isang kahilingan para sa pagtatasa sa paaralan, bibigyan ka ng isang nakasulat na tugon sa loob ng labinlimang (15) araw, na hindi bibilangin ang mga bakasyon sa paaralan na higit sa limang (5) araw. Kung napagpasiyahan ng Distrito na angkop ang isang pagtatasa, tatanggap ka ng dalawang form, ang *Special Education Assessment Notification (Abiso sa Pagtatasa para sa Espesyal na Edukasyon)* at *Special Education Assessment Plan (Plano sa Pagtatasa para sa Espesyal na Edukasyon)*. Kung napagpasiyahan ng Distrito na hindi angkop ang isang pagtatasa sa iyong anak, makakatanggap ka ng nakasulat na abiso sa desisyong ito. Maaari kang mag-apela sa desisyong ito na ginagamit ang isa sa mga proseso sa paglutas ng pagtatalo na inilarawan sa seksiyon na, "Your Right to Procedural Safeguards to Resolve Disagreements over What Is Appropriate for Your Child (Ang Iyong Karapatan sa mga Pananggalang sa Proseso upang Malutas ang mga Di Pagkakasundo sa Kung Ano ang Angkop para sa Iyong Anak)" sa Patnubay na ito.

Ang *Special Education Assessment Plan (Plano sa Pagtatasa para sa Espesyal na Edukasyon)* ay naglalarawan sa mga uri at layunin ng mga pagtatasa na maaaring gamitin upang matukoy ang

pagiging karapat-dapat ng iyong anak para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Bago matasa ang iyong anak, kailangan mong magbigay ng pahintulot sa pagtatasa sa pamamagitan ng pagpirma sa plano. Ang iyong paaralan ay aatasang magsagawa ng mga makatwiran pagpupunyagi upang makuha ang may-kabatirang pahintulot para sa unang pagtatasa. Mayroon kang hindi kukulangin sa labinglimang (15 araw) mula sa pagtanggap ng *Special Education Assessment Plan* upang magbigay ng pahintulot sa plano sa pamamagitan ng pagpirma nito. Ang paaralan ay may animnapung (60) araw, na hindi binibilang ang mga bakasyon sa paaralan na higit sa limang (5) araw, mula sa pagtanggap ng iyong napirmahang Plano sa Pagtatasa upang makumpleto ang pagtatasa at ganapin ang isang pagpupulong ng IEP. Kung ang iyong anak naka-enrol o gusto mong i-enrol ang iyong anak sa isang pampublikong paaralan at tumanggi kang magbigay ng pahintulot o kung nabigo kang magbigay ng tugon sa isang kahilingan para sa pahintulot para sa unang pagtatasa, ang Distrito ay maaari, pero hindi kinakailangan na, humiling ng isang makatarungang kaparaanang pagdinig (due process hearing) upang makakuha ng isang utos mula sa isang Hukom sa Administratibong Batas na pumapayag sa isang pagtatasa na walang pahintulot ng magulang. Hindi maaaring i-override ng Distrito ang kawalan ng iyong pahintulot kung na-enrol mo ang bata sa isang pribadong paaralan sa sarili mong gastos o kung nagho-homeschool ka sa iyong anak.

Kung ang bata ay isang ward ng Estado at hindi nakatira sa kanyang magulang, hindi kakailanganin ng Distrito ang pahintulot mula sa magulang para sa unang pagtatasa kung:

1. Sa kabila ng mga makatwirang pagpupunyagi, hindi mahanap ng Distrito ang magulang ng bata;
2. Ang mga karapatan ng magulang ay nagwakas alinsunod sa batas ng Estado; o
3. Ang isang hukom ay nagtalaga sa karapatan upang makagawa ng mga desisyon para sa edukasyon sa isang indibidwal maliban sa magulang.

## **HAKBANG 2: Pagtatasa**

Ang pagtatasa ay kinasasangkutan ng pagkalap ng impormasyon tungkol sa iyong anak upang malaman kung may kapansanan ang iyong anak at ang katangian at sakop ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon na kinakailangan ng iyong anak. Ang mga pagtatasa ay maaaring kabibilangan ng mga pagsusulit sa indibidwal, mga pag-oobserba sa bata sa paaralan, mga panayaw sa bata at kawani ng paaralan na nagtatrabaho kasama ng bata, at pagrepasso sa mga rekord ng paaralan, mga ulat at mga muwestra ng trabaho.

### **Sa panahon ng pagtatasa:**

- Ang iyong anak ay tatasahin sa lahat ng mga larangan na kaugnay sa kanyang pinagsususpetsahang kapansanan.
- Ang isang multidisciplinary na pangkat, kabilang ang hindi kukulangin sa isang guro o iba pang mga espesyalista na may kaalaman sa larangan ng pinagsususpetsahang kapansanan ng iyong anak, ay magtatasa sa iyong anak.
- Ang pagtatasa ay gagawin sa wika at anyo na malamang na malamang na magbibigay ng wastong impormasyong tungkol sa kung ano ang nalalaman ng iyong anak at nagagawa niya na pang-akademya, sa pagsulong at pagganap, maliban na lang kung hindi posibleng maibigay o mailapat. Kapag kinakailangan, gagamitin ang isang kuwalipikadong interpreter upang tumulong sa pagtatasa.
- Ang pagtatasa ay kabibilangan ng sari-saring angkop na pagsusuri upang masukat ang mga kakayahan at pangangailangan ng iyong anak. Ang mga taong nagbibigay sa mga pagsusuring ito ay kuwalipikadong gawin ang mga ito.
- Ang pagtatasa ay iaangkop sa mga estudyante na may kahinaan sa pandama, sa kakayahang pisikal at sa pagsasalita.
- Ang mga materyal at pamamaraan sa pagsusuri at pagtatasa ay hindi maglalapat ng diskriminasyon sa lahi, kultura at kasarian.



### ***Ang Iyong Karapatan para sa Independiyenteng Pagtatasa sa Edukasyon ng Iyong Anak***

Mayroon kang karapatan, sa anumang oras, na kunin sa sarili mong gastos ang pagtatasa ng isang kuwalipikadong taga-eksamen na hindi nagtatrabaho sa distrito ng paaralan (ibig sabihin, isang independiyenteng tagatasa) at may mga resulta mula sa pagtatasa na isinaalang-alang sa isang pangkat ng IEP. Maaari mo ring ipresenta ang ulat ng pagtatasa bilang ebidensiya sa isang makatarungang kaparaanang pagdinig (due process hearing) hinggil sa iyong anak.

May karapatan ka rin na humiling na bayaran ng Distrito ang isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon ng iyong anak kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtatasa ng Distrito. Kung hihiling ka ng isang independiyenteng pagtatasa na babayaran ng Distrito, ang Distrito ay maaaring (1) sumang-ayon na pondohan ang pagtatasa o (2) magsisimula ng mga usapin ng makatarungang kaparaanan (due process proceeding) upang maipakita ang tama ang kanilang pagtatasa. Kung gagamitin ng Distrito ang mga usapin ng makatarungang kaparaanan at ang huling desisyon ng opisyal ng pagdinig ay tama ang pagtatasa ng Distrito, may karapatan ka pa rin sa isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon, pero kailangan mong bayaran ang pagtatasang ito.

Kapag magbabayad ang Distrito para sa isang independiyenteng pagtatasa para sa edukasyon, ang batayang ginamit upang makuha ang pagtatasa, kabilang na ang lokasyon ng pagtatasa at ang mga kuwalipikasyon ng taga-eksamen, ay dapat parehong batayan na ginamit ng Distrito noong nagsimula siya ng isang pagtatasa.

May karapatan ka lang sa isang independiyenteng pagtatasa ng iyong anak na babayaran ng publiko bawat pagkakataong magsasagawa ang Distrito ng isang pagtatasa na hindi mo sinasang-ayunan.

### **HAKBANG 3: Pagbuo at Implementasyon ng isang Individualized Education Program (IEP, Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal)**

Pagkatapos na matasa ang iyong anak, gaganapin ang isang pagpupulong ng Individualized Education Program (IEP). Ang pagpupulong ng IEP ay gaganapin sa oras at lugar na makatwirang magaan para sa iyo at sa mga kinatawan ng Distrito. Sa pagpupulong na ito, tatalakayin ng pangkat ng IEP ang mga resulta ng pagtatasa at pagpapasiyahan nila kung karapat-dapat ang iyong anak para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Isang IEP ang bubuuin sa panahon ng pagpupulong.

#### **Mga Panimulang Pahayag sa Pagpupulong ng Pangkat ng IEP**

- Ang pagpupulong ng IEP ay isang kolaboratibong proseso, at lahat ng mga kalahok ay bibigyan ng oportunidad na magtanong at magbigay ng mga rekomendasyon at mungkahi;
- Ang pangkat ng IEP ay may awtoridad at responsibilidad upang magdisenyo ng isang programa na makabuluhang mapapakinabangan ng bata;
- Ang draft na IEP, plano ng interbensiyon sa pag-uugali, o plano sa pagtatasa ay maaaring magbago bilang resulta ng mga deliberasyon ng pangkat ng IEP;
- Ang desisyon sa mga kaugnay na serbisyo at paglalagay sa programa ay mangyayari sa panahon ng pagpupulong ng IEP, maliban na lang kung sumang-ayon ang pangkat na walang sapat na impormasyon upang makapagpasiya kung saan ilalagay;
- Isinaalang-alang ng Distrito ang pamilya bilang pantay na kasosyo sa proseso ng paggawa ng desisyon sa edukasyon; at
- Ang sinumang miyembro ng pangkat ay maaaring magmungkahi ng isang layunin o hangarin sa IEP, kahit na hindi ito kasama sa bangko ng hangarin ng Welligent.

#### **Ang sumusunod na tao ay mga miyembro ng pangkat ng IEP:**

- Ikaw, ang magulang o tagapag-alaga ng bata, at/o ang iyong kinatawan;
- Isang administrador ng paaralan;
- Isang guro ng espesyal na edukasyon o tagabigay ng espesyal na edukasyon kung saan naaangkop;
- Isang guro sa pangkalahatang edukasyon kung ang iyong anak ay lumalahok o maaaring

lalahok sa pangkalahatang edukasyon.

- Iba pang mga tao, katulad ng iyong anak, na gusto mo o ng paaralan na imbitahin; at
- Isang tao na may kaalaman sa mga pamamaraan sa pagtatasa na ginamit sa pagtatasa sa iyong anak, na pamilyar sa mga resulta ng pagtatasa at kuwalipikado upang bigyang-kahulugan ang mga implikasyon sa pagtuturo ng mga resulta. Ito ay sinuman sa mga taong inilarawan sa itaas.

May mga sitwasyon kung saan ang mga miyembro ng pangkat ng IEP ay maaaring pahintulatang lumiban sa pagdalo, gamit ang iyong nakasulat na pag-aproba.

### ***Tatanggap ba Ako ng Abiso sa Pagpupulong ng Pangkat ng IEP?***

Magbibigay sa iyo ang paaralan ng nakasulat na abiso ng pagpupulong ng pangkat ng IEP, ang *Notification to Participate in an Individualized Education Program Meeting (Abiso sa Paglahok sa isang Pagpupulong ng Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal)*, sa loob ng makatwirang panahon bago ang pagpupulong. Kabilang sa abisong ito: ang petsa, oras, at lugar ng pagpupulong; ang dahilan para sa pagpupulong, at kung sino ang dadalo sa pagpupulong.

Mahalagang miyembro ka ng pangkat ng IEP. Kung hindi ka makakadalo sa pagpupulong ng pangkat ng IEP, maaari mong hilingin ang paaralan na muling iiskedyul ang pagpupulong. Maaari ring subukan ng paaralan na mapadali ang iyong paglahok gamit ang ibang mga paraan, katulad ng pagkokomperensiya sa pamamagitan ng telepono o videoconferencing. Dapat na siguraduhin ng paaralan na naiintindiham mo kung ano ang nangyayari sa pagpupulong. Halimbawa, maglalaan ng isang interpreter ang iyong paaralan kung mayroon kang kapansanan sa pandinig o isang pasalitang interpreter kung ang iyong pangunahing wika ay hindi Ingles. Kung hindi ka nasisiyahan sa kahusayan ng pasalitang pag-iinterpret, maaari kang maghain ng reklamo sa Educational Equity Compliance Office (Tanggapan sa Pagsunod sa Pagkapantay-pantay ng Edukasyon sa Lahat) sa (213) 241-7682. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *ADDITIONAL RIGHTS UNDER THE SPECIAL EDUCATION PROCESS (MGA KARAGDAGANG KARAPATAN SA ILALIM NG PROSESO NG ESPESYAL NA EDUKASYON)*; subsection na *Your Right to File a Complaint Using Uniform Complaint Procedures (Ang Iyong Karapatan upang Maghain ng Reklamo Gamit ang Mga Magkakaparehong Pamamaraan sa Pagreklamo)*, *Local Complaints (Mga Lokal na Reklamo)*. Kung pinili mong hindi dadalo, maaari kang sumang-ayon na pahintulutan ang Distrito na ganapin ang pagpupulong ng pangkat ng IEP na hindi ka dadalo.

### ***Ano ang IEP?***

Ang IEP ay isang nakasulat na dokumento na binuo at sinang-ayunan ng pangkat ng IEP na nagpapasiya sa:

- Kasalukuyang mga antas ng pagganap na pang-edukasyon at pagganap na magagamit sa pang-araw-araw na buhay (functional performance) at mga pangangailangang pang-edukasyon at pangangailangang magagamit sa pang-araw-araw na buhay (functional need).
- Mga taunang hangarin at layunin na dapat gawin ng iyong anak.
- Ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, mga akomodasyon at mga modipikasyon na kakailanganin at matatanggap ng iyong anak.
- Simula sa taon kung kailan magiging edad 14 ang iyong anak, ang isang Individual Transition Plan (ITP, Plano sa Transisyon ng Indibidwal) na dinisenyo upang tulungan ang iyong anak na magtransisyon mula sa paaralan patungo sa mga aktibidad pagkatapos na pasok sa paaralan. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang publikasyon ng Distrito na *The ITP and You (Ang ITP at Ikaw)*.
- Ang angkop na paglalagay, sa pinakahindi restriktibong kapaligiran, para sa iyong anak.
- Kung nangangailangan ang iyong anak ng mga serbisyo sa transportasyon.

- Tatasahin at iuulat sa iyo ang progreso ng iyong anak.

Makakatanggap ka ng kopya ng IEP at pagpupulong ng pangkat ng IEP. Kung hindi ka dadalo sa pagpupulong ng pangkat ng IEP, ipapaliwanag sa iyo ang IEP at ipapadala sa iyo sa koreo ang isang kopya nito. May karapatan ka upang sumang-ayon o di sumang-ayon sa anumang bahagi ng IEP. Inuutusan ang paaralan na kunin ang iyong pahintulot sa IEP bago tatanggap ang iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Kapag nagsumite ka ng nakasulat na kahilingan, bibigyan ka ng kopya ng IEP sa iyong pangunahing wika, kailanman magagawa. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang publikasyon ng Distrito, na *The IEP and You (Ang IEP at Ikaw)*.

### **Anong mga Programa, Suporta, ang Serbisyo ang makukuha?**

Ang Sangay ng Espesyal na Edukasyon (Division of Special Education) ay nagbibigay ng mga opsyon sa isang nagpapatuloy na serye ng programa sa mga estudyante na nalamang karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon. Dapat munang isaalang-alang ng mga pangkat ng Individualized Education Program (IEP, Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal) ang silid-aralan para sa pangkalahatang edukasyon sa pagsisiyasat ng pinakamabuting kapaligiran para sa paghahatid ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa mga estudyanteng may mga kapansanan. Ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon at mga suporta ay ibinibigay sa sari-saring paraan kabilang na, pero hindi limitado sa:

- 1) Programa sa regular na edukasyon
  - a. Ang programa sa regular na edukasyon ay kasingkahulugan ng katagang “pangkalahatang edukasyon”. Ang pangkalahatang edukasyon ay isang programa ng edukasyon na dapat matanggap ng mga bata, batay sa mga pamantayan ng estado at tinatasa ng taunang pagtatasa na batay sa mga pamantayang pang-edukasyon ng estado.
- 2) Programa ng espesyalistang dulugan (resource specialist)
  - a. Nagbibigay ang programa ng espesyalistang dulugan ng:
    - i) Ang tagubilin at mga serbisyo para sa mga estudyante na kinilala ang mga pangangailangan sa isang IEP at itinalaga sa mga regular na silid-aralan para sa karamihan ng araw na may pasok sa paaralan.
    - ii) Koordinasyon ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa mga programa ng regular na paaralan para sa mga estudyante na may mga kapansanan na nakatala sa programa ng espesyalistang dulugan.
    - iii) Mga serbisyo na nasa iba’t ibang modelo (ibig sabihin, mga kolaboratibong pagpapalano at pagtuturo, direktang pagtuturo sa mga estudyante, konsultasyon sa kawani at mga magulang).
- 3) Itinalagang tagubilin at mga serbisyo (tinutukoy rin bilang “Mga Magkakaugnay na Serbisyo”)
  - a. Mga serbisyo sa pagsasalita at wika:
    - i) Ang Terapiya sa Pagsasalita na nakabase sa programang pang-edukasyon para sa mga estudyante na may kapansanan sa komunikasyon na sangkot ang artikulasyon, wika, katatasan ng pananalita at/o boses.
    - ii) Ang mga Speech and Language Pathologist (SLP, Mga Pathologist sa Pagsasalita at Wika) ay nagtatrabaho bilang mga miyembro ng isang multidisciplinary na pangkat na nagsisilbi sa mga bata sa buong paaralan sa pagsulong sa mga kakayahan sa komunikasyon at wika na kinakailangan para sa pagtagumpay sa paaralan.
    - iii) Ang paghahatid ay magdedepende sa mga natasang pangangailangan ng estudyante (ibig sabihin, mga direktang serbisyo, konsultasyon, mga serbisyong pampangkat, pagsasanay sa magulang).
  - b. Mga audiological na serbisyo:
    - i) Ang mga audiological na pagtatasa ay ibinibigay ng Mga Audiologist na Pang-edukasyon para sa mga bata mula kapanganakan-22 taong gulang.

- ii) Kung ang bata ay hindi maaaring mapailalim sa isang pagsusuri sa Audiological Resource Unit (ARU), imumungkahi ng mga audiologist ang bata sa kanyang pribadong doktor o audiologist at pagkatapos ipa-follow-up sa pamilya.
  - iii) Imumungkahi ng mga paaralan ng distrito at mga programa sa pre-school sa ARU ang mga estudyante na pinagsususpetsahan nilang maaaring hindi nakakarinig dahil hindi nakapasa sa audiometric na pagsasala o dahil sa mga ikinibabahala ng guro o magulang.
- c. Oryentasyon at mga serbisyo para makagalaw:
- i) Ibinibigay sa mga estudyanteng may kapansanan sa paningin sa larangan ng mga espesyalisadong kakayahan, kabilang ang paggamit ng puting baston o tungkod, upang makapagbiyahe nang ligtas at maayos.
  - ii) Pagtuturo na dinisenyo upang magtaguyod ng pantay na akses, pati na rin mga isinamang pagkakataon (integrated opportunity) sa loob ng silid-aralan ng mga estudyante, paaralan at mga kapaligiran ng komunidad.
- d. Ang pagtuturo sa tahanan o ospital ay nagbibigay ng:
- i) Mga serbisyo para sa mga estudyante na hindi nakakalabas sa tahanan o ospital at karapat-dapat para sa mga serbisyo sa pagtuturo sa kanilang unang araw ng pagkaratay sa tahanan o ospital kung ito ay inaasahang magreresulta sa hindi pagpasok sa hindi kukulangin sa sampung (10) araw na may pasok sa paaralan na pinapatotohanan ng isang medikal na diyagnosis ng isang doktor na lisensiyado sa California.
  - ii) Pagtuturo sa mga asignatura at mga kurso na alinsunod sa programang home school ng estudyante. Hindi nito pinapalitan, sa loob ng matagal na panahon, ang regular na inaatas na programa sa pagtuturo.
- e. Mga Serbisyo para sa Mga Estudyanteng May Mga Hindi Gumagaling (Chronic) na Sakit o Biglaang (Acute) na Mga Problema sa Kalusugan
- i) Ang mga espesyalisadong serbisyo ay maaaring ibigay sa mga estudyanteng natukoy na karapat-dapat alinsunod sa seksiyon 3030(f). Kabilang ngunit hindi limitado sa ganitong mga serbisyo ang:
    - a. Indibidwal na konsultasyon;
    - b. Pagtuturo sa tahanan o ospital; at
    - c. Iba pang mga paraan sa pagtuturo na gumagamit ng nangungunang teknolohiya sa komunikasyon.
  - ii) Para sa mga estudyante na nasa remission o passive na kalagayan ang medikal na kondisyon, dapat tukuyin ng pangkat ng IEP ang kadalasan ng pagmomonitor ng progreso sa edukasyon ng estudyante upang masiguro na hindi humadlang ang sakit sa progreso ng edukasyon ng estudyante.
  - iii) Kapag ang estudyante ay natukoy alinsunod sa seksiyon 3030(f) na dumaranas ng isang biglaan at matinding (acute) problema sa kalusugan na nagreresulta sa hindi niya pagdalo sa paaralan nang higit sa limang (5) magkakasunod na araw, sa sandaling may abiso mula sa guro sa silid-aralan o magulang, sisiguraduhin ng pangkat ng punong-guro ng paaralan o itinalaga nito na ang pangkat ng IEP ay magpupulong upang matukoy ang nararapat na mga serbisyong pang-edukasyon.
  - iv) Kung may pattern ng manaka-nakang sakit, magpupulong ang pangkat ng IEP upang isaalang-alang ang mga alternatibong paraan upang maipakita ng estudyante ang mga kakayahan niya sa inaatas na kurso ng pag-aaral.
- f. Ang mga serbisyo sa inangkop na pisikal na edukasyon ay magbibigay ng:
- i) Adapted Physical Education (APE, Inangkop na Pisikal na Edukasyon ) para sa mga indibidwal na may kapansanan na mayroong lubhang kakulangan sa kakayahang gumalaw sa isa o higit pa sa sumusunod na mga larangan: mga kakayahan sa paggalaw na gamit ang pandama (perceptual motor skill), locomotor na kakayahan, kakayahan sa pagkontrol ng bagay, magandang

kondisyong ng katawan (physical fitness) at mga inangkop na pag-uugali na makakalahok nang ligtas at matagumpay sa programa ng pangkalahatang pisikal na edukasyon.

- a. Ang APE ay may iba't ibang mga modelo sa paghahatid ng serbisyo para sa mga estudyante na may iba't ibang kapansanan. Mga modelo sa paghahatid ng serbisyo na kabibilangan ng direktang/kasabay ng ibang guro na pagtuturo (co-teaching), espesyal na dinisenyong kolaborasyon at konsultasyon. Nirerekomenda na ang mga nagtuturo sa pangkalahatan at inangkop na pisikal na edukasyon na gumamit ng paraang kolaboratibo, konsultasyon, at pagtuturong kasabay ang ibang guro upang makapagbigay ng pinakamaraming pinagsamang pakikilahok sa pagitan ng mga may-kapansanan at walang-kapansanang bata.
- g. Mga serbisyo sa terapiyang pisikal at panggawain (physical and occupational therapy):
- i) Pisikal na terapiya
    - a. Ang Physical Therapy (PT, Pisikal na Terapiya) sa Paaralan ay nakatuon sa mga estudyante at kanilang mga pagsagawa ng may-pakay, at nakatuon sa hangarin na mga aktibidad upang mapabuti ang kanilang functional performance (pagganap na hindi nauugnay sa pagganap na pang-akademya) sa araw na may pasok sa paaralan.
    - b. Ang Pisikal na Terapiya sa Paaralan ay nagtatasa at nagbibigay ng interbensiyon para sa mga pangangailangan ng estudyante na batay sa kanilang mga medikal na diyagnosis at nakaka-apekto sa kanilang kakayahan upang pisikal na makakapunta at makakagamit sa campus ng kanilang paaralan. Ang mga larangan ng pagtatasa ay kabibilangan ng pag-aanalisa ng potensiyal na mga hadlang kapaligiran at pisikal na akses, pati na ang mga nananalaytay na isyu, kabilang ang postura, balanse, lakas, koordinasyon, pagkontrol sa paggalaw, kakayahang gumalaw, mga kakayahan sa malakihang paggalaw, at tibay.
    - c. Ang pisikal na terapiya sa paaralan ay maaaring kasasangkutan ng mga pagbabagay ng gawain o kapaligiran at ang interbensiyong PT ay maaaring binubuo ng kombinasyon ng direktang paggamot/interbensiyon, konsultasyon, kolaborasyon, at pagmomonitor, pati na rin konsultasyon at interbensiyon para sa lahat ng mga estudyante.
  - ii) Terapiyang panggawain
    - a. Ang Occupational Therapy (OT, Terapiyang Panggawain) sa Paaralan ay isang suportang serbisyo sa programa sa espesyal na edukasyon ng estudyante na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagganap sa kapaligiran ng paaralan.
    - b. Ang Terapiyang Panggawain sa Paaralan ay nagtatasa at tumutugon sa sumusunod na nanalaytay na larangan ng pagganap: hindi nabubuwag na postura (postural stability), mga kasanayan sa pinong paggalaw, pampaningin na pandama (visual perception), pagpoprosesong pandama at pangangalaga sa sarili sa araw na may pasok sa paaralan at paglahok sa lipunan.
    - c. Ang mga serbisyo sa Terapiyang Panggawain ay maaaring kabibilangan ng pagbabagay ng gawain o kapaligiran at binubuo ng kombinasyon ng direktang interbensiyon, konsultasyon, at pagmomonitor.
- h. Nagbibigay ang mga serbisyo sa paningin ng:

- i) Ang mga serbisyo sa mga bulag na bahagyang nakakakita sa mga karapat-dapat na estudyante na may nakadokumentong diyagnosis ng visual impairment (VI, kahinaan sa paningin) na ibinibigay ng isang ophthalmologist o isang optometrist at isang Pagtatasa sa Paningin na Magagamit sa Pang-araw-araw na Buhay (Functional Vision) na nakakaapekto sa pang-akademiyang pagganap sa pangunahing kurikulum (core) o alternatibong kurikulum.
  - ii) Ang mga serbisyo mula sa mga naglalakbay na serbisyo (itinerant service) sa VI sa mga estudyante sa mga silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon.
  - iii) Ang mga serbisyo sa isang special day na programa sa VI sa isang campus ng pangkalahatang edukasyon.
  - iv) Mga naglalakbay na serbisyo para sa mga estudyante sa isang paaralan ng espesyal na edukasyon.
  
- i. Ang mga serbisyo sa pagpapayo at pagpapatnubay, kabilang ang pagpapayo sa rehabilitasyon ay nagbibigay ng:
  - i) Pagpapayong pang-edukasyon na ibinibigay ng mga psychologist ng paaralan at/o manggagawang panlipunan ng paaralan kung saan tinutulungan ang estudyante sa pagpapalano at implementasyon ng kanyang agarang pangmatagalang programa sa edukasyon at/o personal na pagpapayo kung saan tinutulungan ang estudyante na isulong ang kanyang kakayahan upang gumanap nang may responsibilidad sa lipunan at sa kanyang sarili.
  
- j. Mga psychological na serbisyo maliban sa pagtatasa at pagbubuo ng IEP:
  - i) Sangkot ng Educationally Related Intensive Counseling Services (ERICS, Mga Serbisyo sa Matinding Pagpapayong Kaugnay sa Edukasyon) ang mga serbisyo sa matinding pagpapayo na inilaan upang mapabuti ang pagtuto at mga problema sa pag-uugali ng mga indibidwal o pangkat sa pamamagitan ng applied psychotherapy. Ang mga serbisyong ito ay karaniwang ibinibigay ng mga licensed clinical social worker (LCSW, lisensiyadong manggagawang panlipunan sa klinika) o mga psychologist ng paaralan sa kapaligiran ng pampublikong paaralan.
  
- k. Pagpapayo at Pagsasanay ng Magulang:
  - i) Ang pagsasanay na nakatuon sa pagtulong sa mga magulang upang maunawaan ang mga espesyal na pangangailangan ng kanilang anak at pagbibigay sa mga magulang ng impormasyon tungkol sa pagsulong ng bata. Ang mga pagsasanay na ito ay isinasagawa sa mga lugar ng paaralan o mga opisina ng mga lokal na distrito sa pamamagitan ng Distrito at isasagawa ng mga LCSW o mga psychologist ng paaralan.
  
- l. Ang mga serbisyo sa kalusugan at pangangalaga ay nagbibigay ng:
  - i) Mga pagtatasa ng kalusugan bilang bahagi ng proseso ng IEP.
  - ii) Mga rekomendasyon sa mga pangkat ng IEP tungkol sa mga kinakailangang suporta at akomodasyon dahil sa mga kadahilanang kaugnay sa kalusugan.
  - iii) Mga serbisyong kaugnay sa kalusugan na itinakda sa IEP, kabilang ang mga pamamaraan sa pangangalaga ng pisikal na kalusugan.
  - iv) Tulong sa mga estudyante na may malawak na pangangailangan sa kalusugan kabilang na ang mga medikal na protokol.
  
- m. Ang mga serbisyo ng manggagawang panlipunan ay nagbibigay ng:
  - i) Pagpapayo sa indibidwal at/o pangkat para sa mga estudyante at kanyang kalapit na pamilya.

- ii) Konsultasyon sa mga estudyante, magulang, guro at iba pang mga kawani kaugnay sa mga epekto ng pamilya at iba pang mga salik na panlipunan sa pagtuto at mga kinakailangan para sa pagsulong ng mga indibidwal na estudyante na may mga pambihirang pangangailangan.
  - iii) Ang pagbuo ng isang network ng mga rekurso sa komunidad, paggawa ng mga angkop na pagmumungkahi (referral), at pagpapanatili ng mga ugnayang relasyon (liaison relationship) sa pagitan ng paaralan, mga estudyante na may mga pambihirang pangangailangan, ng pamilya, at sari-saring ahensiya na nagbibigay ng mga serbisyong panlipunan, pagpapanatili ng kita, pagsulong sa trabaho, kalusugan ng pag-iisip, o iba pang mga serbisyo sa pagsulong.
- n. Mga espesyal na dinisenyong serbisyo sa bokasyonal na edukasyon at pagsulong ng karera:
- i) District Office of Transition Services (DOTS, Mga Serbisyo ng Opisina ng Distrito sa Pagtransisyon):
    - a. Nagbibigay ng koordinasyon ng pagpapalano at paghahatid ng mga serbisyo sa pagtransisyon para sa mga estudyante na may mga kapansanan, simula sa edad 14 (o mas bata pa, kung naaangkop) upang ihanda sila para sa pagtransisyon mula sa paaralan patungo sa pamumuhay bilang taong nasa wastong gulang.
    - b. Naglalaan ng mga guro sa pagtransisyon upang magsilbihan ang mga estudyanteng may mga kapansanan na pumapasok sa mga high school at middle school ng Distrito.
    - c. Ang mga serbisyo sa pagtransisyon ay batay sa mga indibidwal na pangangailangan ng estudyante, na isinaalang-alang ang mga gusto at interes ng estudyante; at kinabibilangan ng pagtuturo, mga kaugnay na serbisyo, mga karanasan sa komunidad, at pagbuo ng mga layunin sa pagtatrabaho at iba pang mga layunin sa pamumuhay bilang taong nasa wastong gulang pagkatapos ng pag-aaral, at kung naaangkop, pagtamo ng mga kakayahan sa pang-araw-araw na pamumuhay at pagtatasang bokasyonal magagamit sa pang-araw-araw na buhay.
  - ii) Career and Transition Center (CTC, Sentro ng Karera at Pagtransisyon): Pagbibigay ng pagsasanay na batay sa trabaho para sa mga estudyanteng nagpapakita ng kakayahan at kahandaan para sa nagsusuportang pagsasanay para sa trabaho at bokasyonal na pagsasanay na pangunahing para sa mga estudyante na 18-22 taong gulang. Ang CTC ay isang paglalagay at pagtatakda na inilalaan sa sari-saring lugar/mga sentro sa espesyal na edukasyon sa buong Distrito.
  - iii) Center for Advanced Transition Skills (CATS, Sentro para sa Nangungunang Kakayahan sa Pagtransisyon): Naglalaan ng pagsasanay na batay sa trabaho para sa mga estudyante na nakakumpleto ng alternatibong kurikulum hanggang sa baitang 12 at nagpapakita ng kakayahan at kahandaan para sa bokasyonal na pagsasanay sa isang campus ng kolehiyo.
- o. Mga serbisyo sa pang-aliwang terapiya:
- i) Ibinibigay upang mapabuti ang panlipunan, emosyonal pati na pisikal at kognitibong kakayahan para sa mga estudyanteng may mga kapansanan.
  - ii) Maaaring binubuo ng mga aktibidad ng paglalaro, paglilibang, at pang-aliwan na kinabibilangan ng: mga laro, isports, arts and craft, paghahalaman, drama, musika, at kalikasan pati na mga panterapeutikang interbensiyon upang itaguyod

ang panghabangbuhay na mga dibersiyong paglilibang at kalusugan ng katawan at isip.

- p. Mga espesyalisadong serbisyo para sa mga kapansanan na hindi madalas nangyayari, katulad ng mga tagabasa, taga-transcribe, at mga serbisyo sa paningin at pandinig:
  - i) Assistive technology (AT, Tumutulong na teknolohiya):
    - a. Mga gamit na kinakailangan upang panatilihin, pagbutihin, o dagdagan ang mga kakayahan na hindi nauugnay sa pagganap na pang-akademya upang paliitin ang pagitan ng pagganap ng estudyante ang mga hinihiling ng kurikulum.
    - b. Naglalaan ng akses sa kurikulum sa pamamagitan ng isang hanay ng mga suporta na batay sa mga indibidwal na pangangailangan ng estudyante.
  - ii) Mga interpreter, tagasulat ng notes, tagabasa, taga-transcribe, at iba pang mga indibidwal na nagbibigay ng espesyalisadong materyal at kagamitan para sa mga estudyante na may mga kapansanan na hindi madalas nangyayari ayon sa natukoy na mga tinasang pangangailangan ng estudyante.
- q. Ang mga serbisyo ng interpreter ay nagbibigay ng:
  - i) Mga serbisyo sa pasalitang transliteration sa bingi at bulag (oral transliteration service), mga serbisyo sa transliteration ng hinudyat na wika (cued language transliteration service), serbisyo sa transliteration at pag-interpret, at mga serbisyonang transcription, katulad ng ora-mismong pagsasalin upang makapag-usap para sa mga estudyante na natukoy bilang bingi o nahihirapang makarinig.
  - ii) Mga serbisyo sa espesyal na pag-interpret para sa mga batang bingi't bulag.

#### 4) Mga Espesyal na Klase

##### a. Pangunahing Kurikulum ng Special Day Program (SDP)

- i) Ang programa ng SDP-Pangunahing Kurikulum ay dinisenyo para sa mga estudyante na may mga kapansanan na sumasalik sa pangkalahatang edukasyon/pangunahing kurikulum at nagtatrabaho patungo sa isang diploma sa high school. Ang ilang mga estudyante ay maaaring mangailangan ng mga waiver na aprobado ng Estado/Distrito upang makumpleto ang mga hinihiling para sa diploma. Subalit, ang ilang estudyante sa programa ng SDP-Pangunahing Kurikulum ay magkakaroon ng isang sertipiko ng pagkumpleto kung hindi natugunan ang lahat ng mga hinihiling para sa pagtatapos ng pag-aaral ng Distrito at Estado.
- ii) Ang mga estudyanteng nakatala sa mga programang SDP-Pangunahing Kurikulum ay itinalaga sa mga guro ng silid-aralan ng espesyal na edukasyon para sa kalakhan ng araw na may pasok sa paaralan (karaniwang higit sa 50%), at ang mga minutong ito ay binibilang bilang labas ng programa sa espesyal na edukasyon.
- iii) Kung kailan angkop at magagawa, maaaring isasama/imi-mainstream ang mga estudyanteng mula sa programang SDP-Pangunahing Kurikulum sa mga klase o programa ng pangkalahatang edukasyon, lalong-lalu na kapag ang isang partikular na kurso o aktibidad ay hindi hinahandog sa loob ng special day program.
- iv) Ang kurikulum na gagamitin sa mga programang SDP-Pangunahing Kurikulum ay ang pangunahing kurikulum na aprobado ng Distrito, at maaaring suplementuhan ng mga guro ang kurikulum ng mga nakatarget at intensibong materyal at pagtuturo kung naaangkop.

##### b. Alternatibong Kurikulum ng Special Day Program (SDP)

- i) Ang alternate curriculum special day program (SDP-Alt, alternatibong kurikulum ng special day program) ay isang kapaligiran na nagsisilbi sa mga estudyante na may katamtaman-hanggang-malubhang mga kapansanan na nakaka-apekto sa



- pang-akademya, di-pang-akademya, kognitibo, at inangkop/pang-araw-araw na pamumuhay na pagganap.
- ii) Ang mga estudyanteng nakatala sa mga programang SDP-Alternatibong Kurikulum ay itinatalaga sa mga guro ng silid-aralan ng espesyal na edukasyon para sa kalakhan ng araw na may pasok sa paaralan (karaniwang higit sa 50%), at ang mga minutong ito ay binibilang bilang labas ng programa sa espesyal na edukasyon.
  - iii) Sa antas ng high school, ang programang SDP-Alternatibong Kurikulum ay dinisenyo para sa mga estudyanteng may mga kapansanan na hindi magpapatala sa “a-g” na magkasunod-sunod na mga kurso o trabaho patungo sa isang diploma at sa halip ay magpupunyagi patungo sa isang sertipiko ng pagkumpleto.
  - iv) Kung kailan angkop at magagawa, maaaring isasama/imi-mainstream ang mga estudyanteng nakatala sa mga programang SDP-Alternatibong Kurikulum sa mga klase o programa ng pangkalahatang edukasyon na alinsunod sa kanilang mga IEP upang makapagbigay ng mga oportunidad upang makisalamuha sa mga karaniwang kaklase sa pinakahindi restriktibong kapaligiran.
- 5) Mga serbisyo sa hindi pampubliko at hindi sectarian na paaralan
- a. Ang hindi pampubliko at hindi sectarian na paaralan ay nangangahulugang isang pribado at hindi sectarian na paaralan na nag-ee enrol ng mga indibidwal na may mga pambihirang pangangailangan alinsunod sa isang IEP, na nagpapatrabaho ng kawani na may angkop na mga kredensiyal na nagpapahintulot ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, at sertipikado ng Estado.
  - b. Ang namamahalang lupon ng Distrito ay maaaring makipagkontrata sa mga paaralan o ahensiyang hindi pampubliko at hindi sectarian na sertipikado ng Estado upang magbigay ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon kapag walang makukuhang angkop na programa sa pampublikong edukasyon.
  - c. Ang mga kontrata sa hindi pampublikong paaralan o ahensiya ay naglalaman ng mga kasiguruhan na ang paaralan o ahensiya ay susunod sa mga angkop na mga batas at regulasyong Pederal at ng Estado.
  - d. Ang paglalagay sa isang hindi pampubliko at hindi sectarian na paaralan ay rerepasuhin taon-taon sa pagpupulong ng IEP.
- 6) Mga Espesyal na Paaralan ng Estado
- a. Ang Estado ay nagpapatakbo ng tatlong espesyal na paaralan sa California: California School for the Deaf, Riverside; California School for the Deaf, Fremont; California School for the Blind, Fremont.
  - b. Ang mga Espesyal na Paaralan ng Estado ay maaaring isalang-alang ng isang pangkat ng IEP kung walang makukuhang angkop na programa sa pampublikong edukasyon sa Distrito.
- 7) Pinahabang Taon ng Paaralan
- Ang mga serbisyo ng pinahabang taon ng paaralan ay ibibigay sa bawat indibidwal na may mga pambihirang pangangailangan na may mga natatanging pangangailangan at nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na lagpas sa regular na taong pang-akademya. Ang mga gayong indibidwal ay dapat may mga kapansanan na malamang magpapatuloy nang walang katiyakang tagal o sa mahabang panahon, at ang paghinto ng pang-edukasyong programming ng estudyante ay maaaring magdulot ng pag-urong, na kung sinamahan ng isang limitadong kapasidad sa pagpapabalik ng natutunan, ay magiging resulta upang imposible o malamang na hindi matatamo ng estudyante ang antas ng kasarinlan at pagiging independiyente na inaasahan para sa kanyang kondisyong nakakabaldado. Ang kakulangan ng malinaw na ebidensiya ng gayong mga salik ay hindi maaaring gamitin upang ikaila sa isang indibidwal ang isang programa sa pinahabang taon ng paaralan kung natukoy ng pangkat ng IEP ang pangangailangan para sa ganoong programa at isasama ang pinahabang taon ng paaralan sa IEP.

- a. Ang pinahabang taon sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay dapat ibigay ng distrito ng paaralan, SELPA, o opisina ng county na naghahandog ng mga programa sa panahon ng regular na taong pang-akademya.
  - b. Ang mga indibidwal na may mga pambihirang pangangailangan na nangangailangan ng isang pinahabang taon ng paaralan ay yaong mga:
    - i) Nilagay sa mga espesyal na klase; o
    - ii) Mga indibidwal na may mga pambihirang pangangailangan na may IEP na naglakip ng isang programa ng pinahabang taon ayon sa pasiya ng pangkat ng IEP.
  - c. Ang isang programa ng pinahabang taon, kung kinakailangan, ayon sa pasiya ng pangkat ng IEP, ay ilalakip sa IEP ng estudyante.
- 8) Interbensiyon sa Pag-uugali  
 Ang mga interbensiyon sa pag-uugali, mga suporta, at iba pang mgaistratehiya ay ginagamit na isinaalang-alang ng pisikal na kalayaan at pakikisalamuha sa ibang tao, ay inilalapat sa paraang rumerespeto sa dignidad ng tao at personal na pagkapribado, at nagsisiguro ng karapatan ng estudyante upang mailagay sa isang pinakahindi restriktibong kapaligiran para sa edukasyon.
- 9) Transportasyon  
 Ang transportasyon ay magagamit bilang isang kaugnay na serbisyo kung kinakailangan ito para makatanggap ang estudyante ng FAPE. Sa pagsasagawa ng pasiyang ito, dapat isaalang-alang ng pangkat ng IEP ang: (1) mga pangangailangan ng estudyante; at (2) ang pinakahindi restriktibong anyo ng transportasyon na angkop para sa estudyante.

Ibinibigay ang transportasyon bilang isang kaugnay na serbisyo para sa mga estudyante na may mga kapansanan kung umiiral ang mga sumusunod na kondisyon:

- a. Ang isang estudyante ay nilagay ng Distrito sa isang paaralan na iba sa paaralan sa tinitirhan, na kinikilala bilang “home school.” Ang “home school” ay tinutukoy bilang paaralan sa tinitirhan o piniling paaralan ng estudyante.
- b. Ang kapansanan ng estudyante ay pumipigil sa pagpasok niya sa paaralan sa parehong paraan ng kanyang mga kaklaseng walang kapansanan. Kung nangangailangan ang estudyante ng transportasyon, dapat ilagay sa kanyang IEP ang rason.

### ***Ano ang Paglalagay sa Pinakahindi Restriktibong Kapaligiran?***

Ang pangkat ng IEP ang siyang magpapasiya sa uri ng paglalagay o kapaligiran ng edukasyon na angkop para makapagbigay ng pagtuturo na kinakailangan ng iyong anak. Sa pagpapasiya sa angkop sa paglalagay, dapat siguraduhin ng pangkat ng IEP sa sukdulang hangganang angkop, tuturuan ang iyong anak kasama ng kanyang mga walang kapansanang kaklase at mangyayari lang ang mga espesyal na klase, hiwalay na pag-aaral, o iba pang pagtatanggal mula sa angkop-sa-edad na mga silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon kapag ang katangian o pagkatindi ng kapansanan nasa antas kung saan ang edukasyon sa silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon na gumagamit ng mga pansuplementong tulong at serbisyo ay hindi kasiya-siyang matatamo.

Ang nagpapatuloy na serye ng paglalagay mula sa mas mababa hanggang sa mas mataas na restriksiyon ay kabibilangan ng:

Mga paaralan ng pangkalahatang edukasyon

- Silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon na may mga akomodasyon at modipikasyon
- Silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon na may mga pansuplementong tulong at suporta
- Silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon na may mga kaugnay na serbisyo
- Silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon na may mga serbisyo ng espesyalistang dulugan
- Silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon at special day program

Special day program

- Mga espesyal na paaralan o sentro

- Special day program

Mga hindi pampublikong paaralan

- Dalawahang pag-eeenrol (mga pampubliko at hindi pampublikong paaralan)
- Hindi pampublikong paaralan o sentro

Tahanan o ospital

- Pagtuturo sa tahanan o ospital

Pantirahan

- Espesyal na paaralan ng estado\*
- Hindi pampublikong paaralan o sentro

Ang iyong anak ay tuturuan sa paaralan kung saan siya papasok kung wala siyang kapansanan maliban na lang kung

Napagpasiyahan ng pangkat ng IEP kinakailangan ang iba pang lokasyon upang tugunan ang mga pangangailangan na kinilala sa IEP. Ang lokasyong ito ay pinakamalapit hangga't maaari sa iyong tahanan.

\*Ang mga espesyal na paaralan ng estado ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga estudyanteng bingi, nahihirapang makarinig, bulag, mahina ang paningin, o bingi't bulag sa bawat isa sa tatlong pasilidad nito: ang California Schools for the Deaf sa Fremont at Riverside at ang California School for the Blind sa Fremont.

Ang mga pantirahan at day school (paaralang pinapasukan sa araw) na programa ay inaalok sa mga estudyante mula sa sanggol pa sila hanggang sa edad 21 sa kapwa State Schools for the Deaf (Mga Paaralan ng Estado para sa mga Bingi) at mula mga edad lima hanggang 21 sa California School for the Blind (Paaralan ng California para sa Bulag). Ang mga espesyal na paaralan ng estado ay nag-aalok rin ng mga serbisyo sa pagtatasa at teknikal na tulong. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga espesyal na paaralan ng estado, mangyaring bumisita sa Web site ng California Department of Education sa <http://www.cde.ca.gov/sp/ss/> o humiling ng karagdagang impormasyon mula sa mga miyembro ng pangkat ng IEP ng iyong anak.

#### ***Ano ang ibinibigay na mga serbisyo sa transportasyon?***

Ang pagpasiya kung nangangailangan ang iyong anak ng transportasyon sa paaralan o upang sumali sa mga extracurricular na aktibidad ay ginagawa ng pangkat ng IEP. Ang transportasyon ay karaniwang kinakailangan kung ang paglalagay sa espesyal na edukasyon, mga serbisyo, o mga aktibidad ay hindi sa paaralan sa tinitirhan ng iyong anak. Ang transportasyon ay maaari ring kakailanganin dahil sa mga personal na salik katulad ng kalusugan, paghuhusga ng lipunan o kakulangan ng kakayahang makipag-usap na nakaka-apekto sa kaligtasan ng iyong anak. Magpapasiya rin ang pangkat ng IEP kung anong mga akomodasyon o modipikasyon ang kinakailangan para ligtas na maihahatid ang iyong anak.

Ang transportasyon ay isang serbisyo na batay sa isang natukoy na pangangailangan at hindi ibibigay para lang sa kaginhawaan mo o ng iyong anak. Hindi rin ito ibinibigay kung ilalagay mo ang iyong anak sa paaralan nang walang pag-aproba ng Distrito.

Pagkatapos na mapagpasiyahan ng pangkat ng IEP na nangangailangan ng transportasyon ang iyong anak, aabisuhan ka kung saan at anong oras susunduin at ibababa ang iyong anak. Maaaring tatagal ng ilan pang araw kung sangkot ang isang espesyalisadong kagamitan o pag-aareglo. Para sa karagdagang impormasyon sa transportasyon, tumawag sa 1-(800) LA-BUSES o 1-(800) 522-8737.

#### ***Paano kung karapat-dapat ang aking anak para sa Medi-Cal?***

Ang sumusunod na impormasyon tungkol sa Medi-Cal ay ibinibigay sa mga magulang ng mga batang may mga kapansanan na karapat-dapat para sa Medi-Cal. Alinsunod sa mga regulasyon ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA, Batas para sa Edukasyon ng mga Taong May Kapansanan), ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles ay magbibigay ng lahat ng mga kinakailangang serbisyo ayon sa binanggit sa IEP ng bata nang walang babayaran ang mga

magulang. Subalit, maaaring isauli sa LAUSD ang gastos para sa mga serbisyong mula sa programang Medicaid ng pamahalaang Pederal, na nagdadagdag sa kakayahan upang magbigay ng mga serbisyong kaugnay sa kalusugan sa lahat ng mga estudyante ng LAUSD.

Malaki ang gastos sa pagbibigay ng mga serbisyong kaugnay sa kalusugan. Ang pondong pederal para sa edukasyon ay sumasaklaw lang sa bahagi ng mga gastos. Noong 1986, binigyan ng Kongreso ang mga paaralan ng awtoridad upang singilin ang Medicaid (tandaan: sa California, ang Medicaid ay tinatawag na Medi-Cal) na programa para sa partikular na mga serbisyong kaugnay sa kalusugan. Maraming mga bata at mga pamilya na walang ibang mga seguro sa kalusugan ay nakikinabang mula sa mga serbisyo na ibinibigay at sinusupportahan ng mga pondo ng Medi-Cal sa mga paaralan. Sa mga kaso ng mga estudyanteng may mga kapansanan, ang pangangalaga ng kalusugan na nakabase sa paaralan ay isang mahusay at epektibong paraan sa paghahatid ng pangangalaga sa kalusugan. Ang mga magulang ay nakakatipid ng oras at pagsisikap na kinakailangan upang magbiyahe sa pagitan ng iba't ibang klinika at ospital para sa mga serbisyong ito.

Kasalukuyang kabilang sa mga serbisyong sinaulian ng gastos ng Medi-Cal ang mga partikular na serbisyo sa kalusugan para sa lahat ng mga estudyante sa Distrito pati na rin ang mga partikular na serbisyo para sa mga estudyante na may mga kapansanan. Ang mga serbisyong kaugnay sa kalusugan para sa mga estudyanteng may mga kapansanan ay kinabibilangan ng kapwa pagtatasa at (mga) paggamot na binanggit sa Individualized Education Program (IEP) ng estudyante na kinabibilangan ng: audiology, pagpapayo, mga serbisyo sa pangangalaga, terapiyang panggawain, pisikal na terapiya, terapiya sa pagsasalita at transportasyon na kaugnay sa mga serbisyong ito. Ang mga regulasyon ng Medi-Cal ay nagtatakda ng parehong mataas na pamantayan ng propesyonalismo para sa mga tagabigay ng serbisyo na nakabase sa paaralan pati na rin mga tagabigay ng serbisyo na nagtatrabaho sa mga ospital, mga sentro ng rehabilitasyon, at iba pang mga lugar.

Ang mga magulang ng mga estudyante na karapat-dapat para sa Medi-Cal ay nagbibigay awtorisasyon sa LAUSD na magsumite ng mga paghahabol para sa pagsasauli ng Medi-Cal sa mga nagastos sa mga serbisyong pinopondohan ng Medi-Cal kapag pumirma ang magulang para sa pagpahintulot sa isang Special Education Assessment Plan (Plano sa Pagtatasa para sa Espesyal na Edukasyon) o isang IEP. Ang kadalasan ng mga paghahabol ay nakahanay sa mga awtorisasyon sa pagtatasa at/o uri at kadalasan ng mga serbisyong pinopondohan ng Medi-Cal na binigyang pahintulot ng magulang sa IEP ng estudyante. Sa paghihingi ng pagsasauli ng nagastos, maaaring kailanganin ng LAUSD na ilabas ang mga rekord ng estudyante, medikal na impormasyon at/o iba pang impormasyon na nauukol sa isang estudyante. Ang pagsasauli sa nagastos sa Medi-Cal na nakabase sa paaralan ay hindi makaka-apekto sa mga benepisyo sa Medi-Cal ng bata sa ibang mga lugar ng pangangalaga ng kalusugan. Walang sukdulan (cap) sa Medi-Cal para sa mga estudyanteng may mga kapansanan sa California.

Hindi kailanman sinisingil ng LAUSD ang pribadong seguro ng pamilya para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na binanggit sa IEP ng bata. Sumusunod ang Distrito sa IDEA at ang mga inuutos nito upang makapagbigay sa mga estudyanteng may mga kapansanan ng free and appropriate public education (FAPE, libre at angkop na pampublikong edukasyon). Ang mga magulang ng mga estudyante na karapat-dapat para sa Medi-Cal ay nagbibigay awtorisasyon sa LAUSD na magsumite ng mga paghahabol para sa pagsasauli ng Medi-Cal sa mga nagastos sa mga serbisyong pinopondohan ng Medi-Cal maliban na lang pumirma ang (mga) Magulang ng form sa Parent Medi-Cal Non-Authorization to Bill (Hindi Pagbibigay ng Magulang ng Awtorisasyon na Singilin ang Medi-Cal). Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 213-241-0558.

Kuwalipikado ang mga bata para sa Medi-Cal batay sa sari-saring mga salik kabilang na ang kita ng pamilya at kapansanan. Ang mga magulang na interesado sa pagkuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal ay maaaring tumawag nang walang bayad sa toll sa LAUSD CHAMP na Help Line sa pangangalaga ng kalusugan ng magulang sa 1-866-742-2273.

#### **Hakbang 4: Pagrerepaso ng IEP**

Kung ang iyong anak ay tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, rerepasuhin ang kanyang IEP sa pagpupulong ng pangkat ng IEP nang hindi kukulangin sa isang beses sa isang taon upang malaman kung gaano kabuti niyang natutugunan ang kanyang mga pangangailangan. Bukod dito, bawat tatlong taon, muling tatasahin ang iyong anak kung kinakailangan.

Kung may mga ikinababahala na ang mga pangangailangan sa edukasyon ng iyong anak ay hindi nakakamit, sinuman sa iyo o ng kawani ng paaralan ay maaaring humiling ng muling pagtatasa o isang pagpupulong ng pangkat ng IEP upang repasuhin ang IEP, sa anumang panahon sa taon. Maaari kang humiling ng isang pagpupulong ng pangkat ng IEP sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kahilingan sa paaralan. Kapag natanggap na ang iyong kahilingan, kailangang ganapin ang pagpupulong sa loob ng tatlong (30) araw, na hindi bibilangin ang mga bakasyon sa paaralan na higit sa limang (5) araw. Maaari kang humiling ng pagpupulong ng pangkat ng IEP sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kahilingan sa paaralan o pagkumpleto ng isang *Request for Special Education Assessment (Kahilingan para sa Pagtatasa para sa Espesyal na Edukasyon)* na maaaring makuha sa alinmang paaralan sa Distrito. Kailangang makuha ng paaralan ang iyong pahintulot bago muling tatasahin ang iyong anak. Ang mga muling pagtatasa ay hindi mangyayari nang higit sa isang beses bawat taon maliban na lang kung sumang-ayon ang Distrito na kinakailangan ito.

#### **MGA KARAGDAGANG KARAPATAN SA ILALIM NG PROSESO NG ESPESYAL NA EDUKASYON**

Bukod sa mga karapatan na inilarawan sa mga nagdaang pahina, mayroon ka ring mga sumusunod na karapatan:

- Ang Iyong Karapatan upang Makatanggap ng Nakasulat na Abiso
- Ang Iyong Karapatan upang Magpahintulot sa mga Aktibidad na Sangkot ang Iyong Anak
- Ang Iyong Karapatan na Bawiin ang Pahintulot Para sa Patuloy ng Pagbibigay ng Espesyal na Edukasyon at Mga Kaugnay na Serbisyo
- Ang Iyong Karapatan Upang Ma-akses ang Mga Pang-edukasyong Rekord ng Iyong Anak
- Ang Iyong Karapatan sa Mga Pananggalang sa Proseso (Procedural Safeguard) upang Malutas ang Mga Di Pagkakasundo sa Kung Ano Ang Angkop Para sa Iyong Anak
- Ang Iyong Karapatan upang Maghain ng Reklamo Gamit ang Mga Magkakaparehong Pamamaraan sa Pagreklamo
- Ang Iyong Karapatan upang Maprotektahan laban sa Diskriminasyon at Panliligalig

#### ***Ang Iyong Karapatan upang Makatanggap ng Paunang Nakasulat na Abiso***

Bibigyan ka ng Distrito ng isang napapanahong nakasulat na abiso bago magmungkahi o tumangging tasin ang iyong anak. Bukod dito, maaari mong matanggap ang paunang nakasulat na abiso kung magmumungkahi ang Distrito na baguhin o tatangging baguhin ang pagkakakilanlan ng iyong anak, pagkakatagay niya sa isang programa para sa kanyang edukasyon o mga serbisyo sa espesyal na edukasyon.

Kabilang sa abiso ang:

- Isang paglalarawan ng aksiyong iminungkahi o tinanggihan ng Distrito.
- Isang paliwanag kung bakit iminungkahi o tinanggihan ang isang aksiyon.
- Isang paglalarawan ng anumang iba pang mga opsyon na isinaalang-alang at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyon na iyon.
- Isang paglalarawan ng impormasyong ginamit bilang batayan ng iminungkahi o tinanggihang aksiyon.
- Isang paglalarawan ng anumang iba pang mga salik na may kaugnayan sa iminungkahi o tinanggihang aksiyon.
- Isang pahayag na protektado ka ng mga pananggalang sa proseso (procedural safeguard) na inilarawan sa Patnubay na ito.
- Impormasyon kung paano ka makakakuha ng isang kopya ng Patnubay na ito (na naglalarawan sa mga pananggalang sa proseso (procedural safeguard) para sa espesyal na

edukasyon).

Aabisuhan ka rin bago ang isang pangmatagalang pagbabago sa programa o paglalagay para sa edukasyon ng iyong anak. Ang isang pangmatagalang pagbabago ay yaong tumatagal nang higit sa sampung (10) araw na may pasok sa paaralan. Kabilang dito ang pagkatanggal ng iyong anak mula sa paaralan dahil sa suspensiyon o pagpapaalis (expulsion).

Ang bawat abiso ay isusulat sa wika na naiintindihan ng pangkalahatang publiko at ibibigay sa iyong pangunahin wika o iba pang paraan ng komunikasyon, maliban na lang kung malinaw na hindi ito magagawa. Kung hindi magagawang maibigay ang nakasulat na abiso sa iyong pangunahing wika o iba pang paraan ng komunikasyon, isasalin nang pasalita ang abiso o gamit ng iba pang mga paraan sa pangunahing wika o iba pang paraan ng komunikasyon.

### ***Ang Iyong Karapatan upang Magpahintulot sa mga Aktibidad na Sangkot ang Iyong Anak***

Kailangang magbigay ka ng may-kabahiran at nakasulat na pahintulot bago ang unang pagtatasa para sa espesyal na edukasyon ng iyong anak at bago makakapagbigay ang Distrito ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa iyong anak. Kung tatangi kang magbigay ng pahintulot para sa unang pagbibigay ng mga serbisyo, hindi ma-ooverride ng Distrito ang kawalan ng iyong pahintulot at hindi labag sa batas kung hindi siya makakapagbigay sa iyo ng mga inaalok na serbisyo.

Sa mga kaso ng muling pagtatasa o muling ebalwasyon, gagawa ang Distrito ng mga makatwirang pagsubok na makuha ang iyong pahintulot. Kung hindi ka tutugon sa mga makatwirang pagsubok na ito, maaaring magpatuloy ang Distrito sa muling pagtatasa nang walang pahintulot mo. Kung tumanggi kang magbigay ng pahintulot, maaaring humiling ang Distrito ng makatarungang kaparaanang pagdinig (due process hearing) upang upang makakuha ng isang utos mula sa isang hukom sa administratibong batas na pumapayag sa isang pagtatasa na walang pahintulot ng magulang. Subalit, hindi maaaring i-override ng Distrito ang kawalan ng iyong pahintulot kung na-enrol mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan sa sarili mong gastos o kung nagho-homeschool ka sa iyong anak.

May mga iba pang pagkakataon kung kailan hihingi ng Distrito ang iyong pahintulot. Halimbawa, bago ipalabas ang mga pang-edukasyong rekord ng iyong anak sa iyong mga kinatawan, kakailanganin ng Distrito ang iyong nakasulat na pahintulot. Sa ganitong kaso, maglilista ang Distrito kung aling mga rekord ang ilalabas at kanino ito ilalabas. Hihilingin lang ng Distrito ang iyong pahintulot para sa mga aktibidad na itinakda sa ilalim ng batas.

Kung ibibigay mo ang iyong pahintulot, nangangahulugan ito na:

- Ganap na ipinaalam sa iyo ang lahat ng mga may kaugnayang impormasyon sa iyong pangunahing wika o iba pang paraan ng komunikasyon.
- Naiintindihan mo kung ano ang hinihiling at sumasang-ayon ka na maaring isasakatuparan ng Distrito ang aktibidad kung saan humihingi sila ng pahintulot.
- Naiintindihan mo na ang pagbibigay ng iyong pahintulot ay boluntaryo at maaari mong baguhin ang iyong isip sa anumang oras.

Hindi inaatasan ang Distrito na kunin ang iyong pahintulot bago repasuhin ang mga umiiral na datos bilang bahagi ng ebalwasyon o muling ebalwasyon ng iyong anak o kapag nagbibigay ng pasulit sa iyong anak na ibinibigay sa lahat ng mga bata maliban na lang kung hinihingi ang pahintulot mula sa lahat ng mga magulang.

Maaaring hindi gagamitin ng iyong paaralan ang iyong pagtanggap na magbigay ng pahintulot sa isang serbisyo o aktibidad upang ikaila sa iyo o sa iyong anak ang anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad.

### ***Ang Iyong Karapatan na Bawiin ang Pahintulot Para sa Patuloy ng Pagbibigay ng Espesyal na Edukasyon at Mga Kaugnay na Serbisyo***

Sa anumang oras, pagkatapos ng unang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, may karapatan kang bawiin ang pahintulot sa pamamagitan ng sulat para sa patuloy na

pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo para sa iyong anak. Kung babawiin mo ang iyong pahintulot, maaaring hindi na magpatuloy ang Distrito sa pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak. Pero, dapat na magbigay ang Distrito ng paunang nakasulat na abiso bago ihinto ang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

### ***Ang Iyong Karapatan Upang Ma-akses ang Mga Pang-edukasyong Rekord ng Iyong Anak***

Ang mga pang-edukasyong rekord ay isang mahalagang pagkukunan ng impormasyon tungkol sa iyong anak. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa kanyang pagkakakilanlan bilang isang estudyante na may kapansanan, mga resulta ng pagtatasa at paglalagay at serbisyo para sa edukasyon. Kompidensiyal ang mga rekord na ito.

Mayroon kang sumusunod na mga karapatan hinggil sa mga rekord sa paaralan ng iyong anak:

- Inspeksiyonin at repasuhin ang mga rekord ng iyong anak sa loob ng limang (5) na araw na may pasok sa trabaho mula sa iyong kahilingang gawin ito at bago ang anumang pagpupulong hinggil sa IEP ng iyong anak o anumang pagdinig hinggil sa pagkakakilanlan ng iyong anak, pagtatasa, paglalagay sa programa para sa edukasyon o mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Hindi ka sisingilin ng Distrito upang hanapin o kunin ang impormasyong tungkol sa iyong anak.
- Bibigyan ng mga kopya ng mga rekord ng iyong anak sa loob ng limang (5) araw na may pasok sa trabaho mula sa iyong nakasulat o pasalitang kahilingan. Maaari kang singilin ng Distrito para sa aktuwal na gastos sa pagkopya ng mga rekord na ito, pero kung hahadlang ang halaga upang hindi mo magamit ang iyong karapatan upang makatanggap ng mga kopyang ito, gagawa ng mga kopya nang libre para sa iyo.
- Tumanggap ng tugon sa isang makatwirang kahilingan para sa mga pagpapaliwanag at mga interpretasyon ng mga rekord.
- Ipa-inspeksiyon at iparepaso sa iyong kinatawan ang mga rekord.
- Mabigyan ng kaalaman, kapag hiningi, sa mga uri at lokasyon ng mga pang-edukasyong rekord na nakolekta, pinapanatili at ginagamit ng paaralan.

Ang mga karapatang ito ay umiiral sa mga rekord na nasa kamay ng mga pampublikong ahensiya na nagbibigay ng mga serbisyon nauugnay sa edukasyon sa mga estudyanteng mga mga kapansanan at yaong nagtuturo sa mga estudyante na may mga kapansanan sa mga ospital ng estado o mga sentrol ng pagsulong at sa mga pasilidad ng kabataan at mga taong nasa wastong gulang.

Dahil mga kompidensiyal na rekord ng estudyante ang mga ito, ang IEP at iba pang mga dokumento sa espesyal na edukasyon ng iyong anak ay makukuha lang ng mga taon awtorisado sa ilalim ng Federal Education Rights and Privacy Act (FERPA, Mga Pampederal na Karapatan sa Edukasyon at Batas sa Pagkapribado), katulad ng mga kawani na responsable para sa pagsasakatuparan ng programa sa edukasyon ng iyong anak at yaong mga tao o ahensiya na nangangailangang makakuha ng impormasyon upang sumunod sa mga batas at regulasyong Pampederal at ng Estado. Ang iyong pahintulot ay dapat makuha bago ibunyag ang mga rekord ng iyong anak sa sinumang tao o ahensiya ng hindi awtorisado sa ilalim ng FERPA.

Ang Distrito at iba pang angkop na mga pampublikong ahensiya ay nagtatago ng rekord ng mga indibidwal, maliban sa mga magulang at awtorisadong mga empleyado ng Distrito, na kumukuha sa mga pang-edukasyong rekord ng estudyante. Kabilang sa rekord na ito ang pangalan ng indibidwal na kumukuha sa impormasyon, ang petsa kung kailan ibinigay ang akses, at ang layunin na siyang dahilan kung bakit awtorisadong gamitin ang mga rekord.

Ipinagpapalagay na ikaw, bilang magulang o tagapag-alaga, ay may awtoridad na inspeksiyonin at repasuhin ang mga rekord na kaugnay sa iyong anak, maliban kung iba ang ipinagbigay-alam sa Distrito.

Kung ang alinmang pang-edukasyong rekord ay may kasamang impormasyon sa bata o mga bata na hindi mo anak, may karapatan ka lang inspeksiyonin at repasuhin ang impormasyon na kaugnay sa iyong anak o mabigyang-alam sa partikular na impormasyong iyon.

Ang mga rekord sa espesyal na edukasyon ay pinapanatili ng Distrito nang limang (5) taon pagkatapos na makumpleto ng estudyante nag programa sa paaralan, at sisirain ang mga ito sa paglipas ng panahong ito.

Kung naniniwala ka na ang mga rekord ng iyong anak ay naglalaman ng impormasyon na mali, nakakalinlang, o lumalabag sa pagkapribado o iba pang mga karapatan ng iyong anak, maaari mong hilingin na baguhin ng Distrito ang impormasyon. Magpapasiya ang Distrito kung ipagkakaloob o hindi ang iyong kahilingan sa loob ng isang makatwirang yugto ng panahon mula sa pagtanggap ng iyong kahilingan. Kung tatangi sa pagbabago ng impormasyon ang Distrito, tatanggap ka ng abiso sa desisyong iyon at sa iyong karapatan sa isang pagdinig sa isyu.

Kapag hiniling, magbibigay sa iyo ang Distrito ng isang oportunidad para sa isang pagdinig upang tutulan ang impormasyong nasa mga pang-edukasyong rekord ng iyong anak. Kung ang desisyon sa pagdinig ay pabor sa iyo, babaguhin ng Distrito ang impormasyon at ipagbibigay-alam sa iyo sa pamamagitan ng sulat.

Kung hindi pabor sa iyo ang desisyon, may karapatan kang isama sa mga rekord ng iyong anak ang isang nakasulat na pahayag tungkol sa iyong mga pagtutol sa impormasyon. Ang iyong pahayag ay magiging bahagi ng mga rekord sa paaralan ng iyong anak hanggang maiwasto o matanggal ang tinutulang impormasyon. Kung ang rekord ng iyong anak o ang tinutulang impormasyon ay ibinunyag kaninoman, ibubunyag rin ang iyong nakasulat na pahayag.

#### ***Ang Iyong Karapatan sa Mga Pananggalang sa Proseso (Procedural Safeguard) upang Malutas ang Mga Di Pagkakasundo sa Kung Ano Ang Angkop Para sa Iyong Anak***

Kung may di pagkakaunawaan tungkol sa pagtataasa, o IEP, ng iyong anak, may karapatan kang sabihin sa amin ang iyong mga ikinababala. Palagi kang may opsiyon ng pagtalakay ng mga ikinababahalang mo sa kawani ng Distrito sa lugar ng paaralan ng iyong anak upang malutas ang anumang di pagkakasundo. Kung nagbigay ka ng nakasulat na pahintulot para sa pagtanggap ng iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, pero hindi ka magbibigay ng pahintulot sa lahat ng mga bahagi ng IEP, ang mga bahaging ito ng programa kung saan ibinigay mo ang iyong pahintulot ay isasakatuparan upang hindi maantala ang pagbibigay ng pagtuturo at mga serbisyo sa iyong anak. Hindi mo kinakailangang simulan ang anumang anyo ng paglulutas ng pagtatalo bilang mga bahagi ng IEP kung saan hindi ka nagbigay ng iyong pahintulot. Kung gusto mong magsimula ng isang proseso sa paglutas ng pagtatalo, maaari kang pumili mula sa alinman sa sumusunod na listahan sa ibaba.

#### **Informal Dispute Resolution (IDR, Impormal na Paglutas ng Pagtatalo)**

Ang Informal Dispute Resolution (Impormal na Paglutas ng Pagtatalo) o “IDR” ay isang opsiyonal na proseso sa paglutas ng pagtatalo na maaaring magamit ng mga magulang. Ang IDR ay isang proseso ng Distrito na dinisenyo upang maging mas mabilis, hindi masyadong pormal at nang-aaway at mga usapin ng makatarungang kaparaanan (due process proceeding). Ang IDR ay nagpapahintulot sa mga magulang ng oportunidad upang kilalanin ang kanilang mga problema at ikinababahalang at magsikap kasama ang (mga) administrador ng Distrito sa pagpupunyagi upang agarang malutas ang mga natukoy na problema.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga bahagi ng iminungkahing IEP ng iyong anak at gusto mong gamitin ang proseso ng IDR upang malutas ang hindi pagkakasundo, mangyaring abisuhan ang administrador/itinalaga ng IEP. Upang tulungan kang matugunan ang iyong mga ikinababahalang, mangyaring talakayin ang iyong mga problema at ikinababahalang sa administrador/itinalaga ng IEP sa lalong madaling panahong posible pagkatapos ng pagpupulong ng pangkat ng IEP.

Kung naabot ang kasunduan sa panahon ng proseso ng IDR, ang mga takda ng kasunduan ay maaaring isulat at pirmahan ng kapwa partido at/o maaaring isagawa ang pagpupulong ng pangkat ng IEP upang isama ang mga takda ng kasunduan. Ang paghiling ng IDR ay hindi maghahadlang sa iyo upang humiling ng iba pang opsiyon sa paglutas ng pagtatalo.

#### **Mga Usapin ng Makatarungang Kaparaanan (Due Process Proceeding)**



Ang mga usapin ng makatarungang kaparaanan (due process proceeding) ay mga proseso sa paglutas ng pagtatalo na kinakailangang magamit ng mga magulang at mga distrito ng paaralan sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA). Ikaw o ang Distrito ay maaaring maghain ng isang reklamo para sa makatarungang kaparaanan sa anumang bagay na kaugnay sa isang mungkahi o pagtanggap magsimula o baguhin ang pagkakakilanlan, pagtatasa o pang-edukasyong paglalagay ng iyong anak, o ang pagbibigay ng free appropriate public education (FAPE) para sa iyong anak.

Ang mga usapin ng Makatarungang Kaparaanan ay magsisimula sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang abiso ng reklamo. Ang Office of Administrative Hearings (“OAH”) ay isang ahensiya ng Estado na namamahala ng mga usapin ng makatarungang kaparaanan para sa estado ng California. Ang mga usapin ng Makatarungang Kaparaanan ay kinabibilangan ng Mediation Lang at mga kahilingan para sa Makatarungang Kaparaanang Pagdinig.

### **Mediation Lang**

Ang Mediation Lang” ay isang boluntaryong proseso sa paglutas ng pagtatalo kung saan ang isang neutral na mediator ay tumutulong sa iyo at sa Distrito sa pagtalakay at pagsubok na lutasin ang di pagkakasundo. Ang mga mediator ay hindi mga empleyado ng Distrito at walang anumang personal na interes sa di pagkakasundo. Ang mga mediator ay pinipili nang walang kinikilingan ng Estado at alam ang mga batas at regulasyon na kaugnay sa pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ang prosesong Mediation Lang ay kinabibilangan ng isang pagpupulong para sa mediation na dadaluhan mo, ng itinalagang mediator, at isang kinatawan ng Distrito na may awtoridad sa paggawa ng desisyon.

Upang humiling ng Mediation Lang, kumpletuhin ang form ng “Request for Mediation Only” na makukuha online sa <http://www.dgs.ca.gov/oah/Home/Forms.aspx>.

Kapag nakumpleto mo na ang form, nag-uutos ang mga batas pederal at ng estado na magpadala o maghatid ka ng kopya sa bawat pinangalananang partido at maghain ng reklamo sa OAH.

Upang mabigyan ang Distrito ng kopya ng reklamo, kailangan mong isumite ang reklamo sa pamamagitan ng email o i-fax ito sa:

Due Process Department  
Division of Special Education  
Los Angeles Unified School District  
333 South Beaudry Avenue, 17<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017  
Fax: (213) 241-8917

Upang “maghain” ng reklamo sa OAH, ang dokumento ay kailangang i-e-filed (ipadala sa pamamagitan ng internet) gamit ang sistema ng Secure e-File Transfer (SFT) ng OAH, ipadala sa koreo, ihatid nang personal, o ipadala sa pamamagitan ng magdamagang paghahatid, sa mga opisina ng OAH sa Sacramento, CA. Hindi na tumatanggap ang OAH ng anumang dokumento sa pamamagitan ng transmisyong fax. Mangyaring tandaan na upang magamit ang SFT ng OAH, kailangang mayroon kang email address. Kung wala kang email address o hindi makakagamit sa SFT, mangyaring kontakin ang OAH para makakuha ng tulong sa:

Office of Administrative Hearings  
Attention: Special Education Division  
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200  
Sacramento, CA 95833  
Telepono: (916) 263-0880

Website: <http://www.dgs.ca.gov/oah/SpecialEducation.aspx>  
Secure File Transfer: <https://www.dgsapps.dgs.ca.gov/OAH/OAHSFTWeb>

Pagkatapos na matanggap ang iyong kahilingan para sa Mediation Lang, magtatakda ng iskedylul para sa pagpupulong sa mediation ang OAH. Ang mga abogado at mga binabayarang tagapagtaguyod ay maaaring hindi dumalo sa pagpupulong sa mediation na gaganapin sa panahon ng proseso sa Mediation Lang. Sa isang pagpupulong sa mediation, tutulong ang mediator sa iyo at sa Distrito upang maunawaan ang punto-de-vista ng bawat isa. Maaari ring mag-alok ng mga opsiyon ang mediator isaalang-alang mo at ng Distrito. Ang anumang sinabi sa pagpupulong sa mediation ay kompidensiyal at hindi magagamit sa anumang makatarungang kaparaanang pagdinig o sibil na paglilitis. Kung nakaabot ka at ang Distrito sa isang kasunduan, ang mga takda ng kasunduan ay isusulat at dapat pirmahan mo at ng kinatawan ng Distrito. Kapag napirmahan ang kasunduan, maaari itong ipatupad sa ilalim ng batas ng Estado at Pederal.

Ang paghiling ng Mediation Lang ay hindi maghahadlang sa iyo o sa Distrito na humiling ng isang makatarungang kaparaanang pagdinig. Kung ang proseso sa Mediation Lang ay hindi maglulutas sa di pagkakasundo, ikaw o ang Distrito ay maaaring maghain ng Isang Kahilingan para sa Mediation at Makatarungang Kaparaanang Pagdinig.

### **Kahilingan para sa Makatarungang Kaparaanang Pagdinig**

Ang kahilingan para sa Makatarungang Kaparaanang Pagdinig ay nagsisimula sa pagsumite ng isang abiso ng reklamo at kinabibilangan ng isang panahon ng paglutas na may mandatoryong pagpupulong na sesyon ng paglutas, opsiyonal na mediation, at isang makatarungang kaparaanang pagdinig sa harap ng isang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig. Ang Office of Administrative Hearings (OAH) ay tutukoy kung ang isang kaso ay “mabilis” (isasagawa sa mas mabilis na timeline kumpara sa karamihan ng mga pagdinig) batay sa batas. Ang Distrito ang magsasagawa ng isang pagpupulong na sesyon ng paglutas at ang OAH ay nagsasagawa ng opsiyonal na mediation at makatarungang kaparaanang pagdinig. Maaaring hindi kinakailangang sumailalim sa lahat ng mga usapin upang makamit ang paglutas. Maaaring lutasin ang reklamo para sa makatarungang kaparaanang pagdinig sa pamamagitan ng pagkakasundo ng bawat isa sa mga partido sa anumang yugto ng mga usapin.

Ang Distrito ay kailangang magsimula ng isang kahilingan sa makatarungang kaparaanang pagdinig kung natukoy ng Distrito na ang iminungkahing bahagi ng programa sa espesyal na edukasyon na hindi mo pinahintulutan ay kinakailangan upang makapagbigay ng libre at angkop na pampublikong edukasyon sa iyong anak. Ang eksepsiyon nito ay ang sitwasyon kung saan nabigo kang tumugon o magbigay ng pahintulot sa unang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak.

Kapag nakabinbin ang isang sesyon ng paglutas, pagpupulong ng mediation, o makatarungang kaparaanang pagdinig, mananatili ang iyong anak kung saan siya kasalukuyang nakalagay, maliban na lang kung iba ang napagkasunduan mo at ng Distrito. Kung gaganapin ang isang makatarungang kaparaanang pagdinig, ang desisyon sa pagdinig ay magkakabisa sa mga partido.

### **Pagsumite ng isang Kahilingan para sa Mediation at Makatarungang Kaparaanang Pagdinig**

Upang humiling ng Makatarungang Kaparaanang Pagdinig, mangyaring kumpletuhin ang form ng “Request for Mediation and Due Process Hearing” na makukuha online sa <http://www.dgs.ca.gov/oah/Home/Forms.aspx>. Kung gusto mo, maaari kang magsumite ng isang nakasulat na abiso ng reklamo para sa makatarungang kaparaanang pagdinig na naglalaman ng sumusunod na impormasyon: (1) pangalan ng bata, (2) ang address ng tinitirhan ng bata o magagamit na impormasyon sa pagkontak para sa bata kung walang tahanan ang bata, (3) pangalan ng paaralan kung saan pumapasok ang bata, (4) isang paliwanag sa katangian ng problema, at (5) isang mungkahing paglutas sa problema sa hangganang nalalaman at magagamit sa oras na iyon. Kapag nakumpleto mo

na ang form, nag-uutos ang mga batas pederal at ng estado na magpadala o maghatid ka ng kopya sa bawat pinangalananang partido at maghain ng reklamo sa OAH.

Upang mabigyan ang Distrito ng kopya ng reklamo, kailangan mong isumite ang reklamo sa pamamagitan ng email o i-fax ito sa:

Due Process Department  
Division of Special Education  
Los Angeles Unified School District  
333 South Beaudry Avenue, 17<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017  
Fax: (213) 241-8917

Upang “maghain” ng reklamo sa OAH, ang dokumento ay kailangang i-e-filed (ipadala sa pamamagitan ng internet) gamit ang sistema ng Secure e-File Transfer (SFT) ng OAH, ipadala sa koreo, ihatid nang personal, o ipadala sa pamamagitan ng magdamagang paghahatid, sa mga opisina ng OAH sa Sacramento, CA. Hindi na tumatanggap ang OAH ng anumang dokumento sa pamamagitan ng transmisyong fax. Mangyaring tandaan na upang magamit ang SFT ng OAH, kailangang mayroon kang email address. Kung wala kang email address o hindi makakagamit sa SFT, may mga tanong tungkol sa proseso ng mediation at pagdinig, mangyaring kontakin ang OAH para makakuha ng tulong sa:

Office of Administrative Hearings  
Attention: Special Education Division  
2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200  
Sacramento, CA 95833  
Phone: (916) 263-0880

Website: <http://www.dgs.ca.gov/oah/SpecialEducation.aspx>

Secure File Transfer: <https://www.dgsapps.dgs.ca.gov/OAH/OAHSFTWeb>

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangang bahagi ng isang Kahilingan para sa Mediation at Makatarungang Kaparaanang Pagdinig ay makukuha sa website ng OAH sa [www.oah.dgs.ca.gov](http://www.oah.dgs.ca.gov).

Upang sumulong ang reklamo, kailangang naglalaman ito sa kinakailangang impormasyon na inilarawan sa itaas. Sa loob ng labinlimang (15) araw ng pagtanggap ng abiso ng reklamo, maaaring maghain ang partidong nakatanggap sa abiso ng reklamo (ibig sabihin, ang Distrito kung ikaw ang naghain) ng pagtutol sa abiso ng reklamo sa dahilang ang abiso ng reklamo ay hindi naglalaman ng impormasyong inuutos ng batas. Kung inihain ang pagtutol, dapat gumawa ang OAH ng desisyon sa kakulangan ng abiso sa loob ng limang (5) araw, at magbigay sa kapwa partido ng isang nakasulat na abiso sa pasiya.

Maaari ka lang magsagawa ng mga pagbabago sa iyong abiso ng reklamo kung: (1) inaprobahan ng Distrito ang mga pagbabago sa isang sulat at binigyan ng tsansa na lutasin ang reklamo para sa makatarungang kaparaanan sa pamamagitan ng isang pagpupulong sa paglutas o (2) binigyan ka ng opisyal ng pagdinig ng pahintulot na baguhin ang iyong reklamo nang hindi lalapas sa limang (5) araw bago magsimula ang makatarungang kaparaanang pagdinig. Hindi mo na maaaring mabago ang iyong abiso ng reklamo kapag nagsimula na ang pagdinig.

Kung magsasagawa ka ng mga pagbabago sa iyong reklamo, hihilingin sa iyong magsumite ng isang binagong abiso ng reklamo. Kapag naisumite mo na ang binagong abiso ng reklamo, magsisimula muli ang mga timeline para sa panahon ng paglutas at sesyon ng paglutas (inilalarawan sa susunod na seksiyon).

#### Panahon ng Paglutas

Ang Individuals with Disabilities Education Improvement Act of 2004 (IDEA 2004) ay nag-uutos ng isang tatlong (30) araw na panahon ng paglutas bago ang pagsisimula ng isang makatarungang kaparaanang pagdinig. Ang panahon ng paglutas na ito ay nilalayan makapagbigay sa mga magulang

at paaralan ng pinalawak na oportunidad para lutasin ang mga di pagkakasundo sa mga positibo at nakabubuting paraan. Hinggil sa panahon ng paglutas, ang IDEA 2004 ay kinabibilangan ng mga sumusunod na pamamaraan:

Kung hindi nakapagpadala sa iyo ang Distrito ng isang paunang nakasulat na abiso tungkol sa pinagtatalunang IEP, kinakailangang magpadala ang Distrito ng nakasulat na tugon sa iyong reklamo sa loob ng sampung (10) araw mula ng matanggap ang Kahilingan para sa Mediation at Makatarungang Kaparaanang Pagdinig. Ang tugon ng Distrito ay kabibilangan ng, bukod sa iba pang mga bagay, isang paliwanag kung bakit nagmumungkahi o tinanggihan ng Distrito ang aksiyon na iniharap sa abiso ng reklamo, isang pagtatalakay sa mga isinaalang-alang ng opsiyon, at isang paliwanag sa impormasyong ginamit ng Distrito upang makagawa ng pagpasiya. Maaari ring kabilang sa tugon ang isang mungkahing paglutas o mungkahing aktibidad (*hal.*, muling pagsasagawa ng pagpupulong ng pangkat ng IEP) upang tugunan ang mga isyu iniharap sa abiso ng reklamo.

Sa loob ng labinlimang (15) araw ng pagtanggap ng Distrito sa abiso ng reklamo, mag-iiskedyul ang Distrito ng isang sesyon ng paglutas maliban na lang kung nagkasundo ka at ang Distrito sa pamamagitan ng sulat na iurong ang pagpupulong at sumang-ayon na gamitin sa halip ang proseso ng mediation. Maliban sa mga kaso kung saan ikaw at ang Distrito ay nagkasunod sa pamamagitan ng sulat na iurong ang sesyon ng paglutas, ang iyong kabiguan sa paglahok sa sesyon ng paglutas ay magpapa-antala sa mga timeline ng proseso ng paglutas at makatarungang kaparaanang pagdinig. Dagdag pa, kung nabigo kang sumali sa sesyon ng paglutas pagkatapos na nagsagawa ang Distrito ng mga paulit-ulit na pagsubok na iiskedyul ang sesyon, maaaring hilingin ng Distrito na idismis ang iyong reklamo para sa makatarungang kaparaanan. Kung nabigo ang Distrito sa pag-iskedyul ng sesyon ng paglutas sa loob ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng iyong abiso ng reklamo, o nabigo sa pagsali sa sesyon ng paglutas, maaari mong hilingin sa OAH na mag-utos na ang mga timeline ng makatarungang kaparaanang pagdinig ay magsisimula bago ang katapusan ng tatlong (30) araw na panahon ng paglutas.

Ang layunin ng sesyon ng paglutas ay upang talakayin ang iyong reklamo at upang magbigay sa Distrito ng isang oportunidad upang lutasin ang pagtatalo. Ang sesyon ng paglutas ay kabibilangan ng isang may kaugnayan miyembro o mga may kaugnayang miyembro ng pangkat ng IEP, isang kinatawan ng Distrito na may awtoridad upang gumawa ng desisyon, at ikaw. Maaaring walang dumalong abogado ang Distrito maliban na lang kung mayroon kang dumalong abogado. Kung ang isang paglutas ay naka-abot sa sesyon ng paglutas, magsasagawa ang mga partido ng legal na may-bisang nakasulat na kasunduan sa pag-aayos (settlement agreement) na maaaring ipatupad sa hukuman ng batas. Maaaring ipawalang-saysay ng alinman sa mga partido ang kasunduan sa loob ng tatlong (3) araw na may pasok sa trabaho mula sa petsang napirmahan ito.

Kung hindi nalutas ang iyong reklamo sa paraang kasiyasiya para sa iyo sa loob ng tatlong (30) araw ng petsa kung kailan natanggap ng Distrito ang abiso ng reklamo, maaaring mangyari ang isang makatarungang kaparaanang pagdinig at magsisimula ang lahat ng mga angkop na timeline para sa makatarungang kaparaanang pagdinig.

#### Opiyonal na Mediation

Bago ang makatarungang kaparaanang pagdinig, maaaring piliin ng mga partido na sumali sa pagpupulong ng mediation. Ang pagpupulong ng mediation bago ang pagdinig ay katulad ng pagpupulong na ginanap sa panahon ng proseso ng Mediation Lang maliban na lang na maaaring sumali ang mga abogado sa isang pagpupulong ng mediation bago ang pagdinig. Kung hiniling ang isang pagpupulong ng mediation bago ang pagdinig, ang mga Partido na pinangalanan sa usapin ng makatarungang kaparaanan ay kolaboratibong magtatrabaho kasama mo upang mag-iskedyul ng oras at petsa para sa mediation at magtatalaga ang OAH ng isang mediator. Ang tungkulin ng mediator ay ang tulongan ka at ang Distrito na lutasin ang di pagkakasundo na kaugnay sa IEP ng iyong anak. Kung ang kasunduan ay umabot sa pagpupulong ng mediation, ang mga takda ng kasunduan ay isusulat sa isang kasunduan sa pag-aayos (settlement agreement) na maipapatupad pagkatapos na pirmahan mo at ng kinatawan ng Distrito. Kung ang pagpupulong ng mediation ay hindi magreresulta sa isang kasunduan, susulong ang bagay na ito sa pagdinig.

### Makatarungang Kaparaanang Pagdinig (Due Process Hearing)

Ang isang makatarungang kaparaanang pagdinig ay isang mas pormal na proseso sa paglutas. Isinasagawa ito ng isang hukom sa administratibong batas ng OAH o "opisyal ng pagdinig." Sa pamamaraan, ang pagdinig ay parang isang paglilitis. Ipinapakita ang ebidensiya at magtatestigo ang mga saksi at sila ay iko-cross examine. Maaaring tanungin ng mga opisyal ng pagdinig ang mga saksi, pahintulutang magtalakayan ang mga dalubhasa sa mga isyu, bumisita sa mga lugar ng edukasyon na pinaglagayan ng estudyante, tumawag ng mga saksi at mag-utos ng mga independiyenteng pagtatasa. Nakatuon ang pansin ng Pagdinig sa mga isyu na tinukoy sa kahilingan ng makatarungang kaparaanang pagdinig, na maaaring kabibilangan ng kung tumanggap o inalok ang iyong anak ng free and appropriate public education (FAPE) sa ilalim ng batas ng Estado at Pederal.

Ang mga paglabag sa mga pamamaraan (procedural violation) ay hindi kailangang magresulta sa pagkaiit ng FAPE. Sa mga bagay na nagpapatang ng paglabag sa mga pamamaraan, maaaring matuklasan ng opisyal ng pagdinig na hindi lamang nakatanggap ang iyong anak ng FAPE kung: (1) ang paglabag sa pamamaraan ay humadlang sa karapatan ng bata sa FAPE; (2) labis na humadlang sa iyong oportunidad na sumali sa proseso ng IEP; o (3) naging sanhi ng hind pagtanggap ng benepisyong pang-edukasyon.

Ang makatarungang kaparaanang pagdinig ay dapat ganapin at ang nakasulat na desisyon ay ibibigay sa lahat ng mga partido sa loob ng apatnapu't limang (45) araw ng pagkapaso ng tatlung (30) araw na panahon ng paglutas, maliban na lang kung ipinagkaloob ng opisyal ng pagdinig ang palugit na panahon kung hiniling ng isa sa mga partido. Sa isang makatarungang kaparaanang pagdinig, ikaw at ang Distrito ay may karapatan sa:

- Isang pantay at walang kinikilingang administratibong pagdinig na isasagawa ng isang taong may kaalaman sa mga batas na namamahala sa espesyal na edukasyon at mga administratibong pagdinig;
- Mabigyang-alam sa mga isyu ng partido at (mga) minungkahing paglutas nang hindi kukulangin sa sampung (10) araw ng kalendaryo bago ang pagdinig;
- Tumanggap ng abiso ng representasyon ng abogado mula sa ibang partido nang hindi kukulangin sa sampung (10) araw bago ang pagdinig;
- Tumanggap mula sa kabilang partido ng kopya ng lahat ng mga dokumento na gagamitin ng kabilang partido sa pagdinig, kabilang ang anumang mga pagtatasa, isang listahan ng mga saksi, na ipinapahiwatig ang pangkalahatang larangan ng kanilang testimonya, nang hindi kukulangin sa limang (5) araw na may pasok sa trabaho bago ang pagdinig (ang kabiguang magbigay ng mga dokumento sa tamang panahon ay maaaring magresulta sa hindi pagsali sa mga dokumento);
- Sasabayan at papayuhan ng isang abogado;
- Magpakita ng ebidensiya, nakasulat na argumento, at mga pasalitang argumento;
- Harapin, i-cross-examine, at hilingin sa mga saksi na dumalo;
- Tumanggap ng isang nakasulat o elektronikong kopya ng mga natuklasang katotohanan at mga desisyon.
- Kumuha ng nakasulat o elektronikong rekord ng pagdinig (na libre para sa mga magulang).

Bukod dito, may karapatan kang humiling ng maging bukas o sarado ang pagdinig sa publiko, na dumalo ang iyong anak sa pagdinig, at ilaan ang isang interpreter.

Ang mga desisyon ng mga opisyal ng pagdinig ay may-bisa sa lahat ng mga partido, pero maaaring i-apela sa Hukuman ng Estado o Pederal sa loob ng siyamnapung (90) araw ng huling desisyon. Kung ikaw ang nanalang partido sa desisyon, maaaring gantimpalaan ka ng makatwirang singil ng abogado ayon sa kasunduan kasama ng Distrito o ng hukuman. Kung hindi ikaw ang nanalang partido, maaaring igantimpala sa Distrito ang kanyang mga singil ng abogado laban sa iyong abogado kung nakitang walang kabuluhan, hindi makatwiran at walang batayan ang reklamo para sa makatarungang kaparaanang. Maaari ring igantimpala ng hukuman sa Distrito ang kanyang singil ng abogado laban sa iyo o sa iyong abogado kung ang reklamo para sa makatarungang kaparaanang ay iniharap o pinanatili para sa hindi wastong layunin, katulad ng upang manligalig, upang magdulot ng hindi kailangang pagka-antala, o upang dagdagan ang gastos ng litigasyon na hindi naman kinakailangan.

### Paglilagay ng Estudyante sa Panahon ng Mga Usapin ng Makatarungang Kaparaanan

Maliban na lang para sa mga partikular na alternatibong paglilagay na pang-edukasyon (*tingnan* ang "Information About Discipline [Impormasyon Tungkol sa Disiplina] sa patnubay na ito), sa panahon ng proseso ng paglutas ng di pagkakasundo sa pamamagitan ng makatarungang kaparaanang pagdinig, mananatili ang iyong anak sa kanyang kasalukuyang kinalalagyan, at tatanggap ng mga serbisyong tinatanggap niya sa panahong sinimulan ang makatarungang kaparaanang pagdinig, maliban na lang kung nagkasundo ka at ng Distrito ng iba pang pag-areglo. Kung ang di pagkakasundo ay kinasasangkutan ng isang aplikasyon para sa unang pagpasok sa pampublikong paaralan, ang iyong anak, na mayroong pahintulot mo, ay ililagay sa programa ng pampublikong paaralan hanggang sa pagkumpleto ng lahat ng mga usapin.

Kung sangkot sa reklamo ang isang estudyante na nagtatransisyon mula sa mga serbisyo sa ilalim ng Part C ng IDEA (mga edad 0-3) patungo sa mga serbisyo sa ilalim ng Part B (mga edad 3-22) at hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Part C dahil naging tatlong taong gulang na ang bata, hindi obligado ang Distrito na magbigay ng mga serbisyo ng Part C na tinatanggap ng bata. Sa halip, sa panahon ng mga usapin ng makatarungang kaparaanan, obligado ang Distrito na magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na inalok sa IEP ng estudyante na hindi kasali sa pagtatalo.

### ***Ang Iyong Karapatan upang Maghain ng Reklamo***

Ang Mga Magkakaparehong Pamamaraan sa Pagreklamo ay mga pamamaraan na ginagamit upang malutas ang mga reklamo hinggil sa mga paglabag sa batas ng espesyal na edukasyon. Ang mga pamamaraan ay para sa mga lokal na reklamo, na inihahain sa Distrito, at ang mga pamamaraan para sa mga reklamo sa Estado, na inihahain sa California Department of Education (Departamento ng Edukasyon ng California).

### **Mga Lokal na Reklamo**

Kung naniniwala ka na lumabag ang Distrito sa mga batas o regulasyong Pederal at ng Estado na namamahala sa mga programa sa espesyal na edukasyon, maaari kang maghain ng reklamo sa:

Director/Compliance Officer  
Los Angeles Unified School District  
Educational Equity Compliance  
333 South Beaudry Avenue, 20<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017

Kung nanaisin mo, ang opisinang ito ay maaaring tumulong sa iyo upang magsulat ng iyong reklamo. Ang mga reklamo ay dapat gawin sa loob ng anim (6) na buwan ng ibinintang na paglabag. Sa sandaling natanggap ang iyong reklamo, ang Distrito ay may anim (60) na buwan upang magsiyasat at lutasin ang reklamo, maliban na lang kung nagkasundo kayo ng isang palugit na oras.

Kung hindi ka sang-ayon sa paglutas ng reklamo, maaari kang mag-apela sa desisyon, sa loob ng labinlimang (15) araw nang pagtanggap ng nakasulat ng desisyon ng Distrito, sa California Department of Education o humingi ng mga remedyo sa sibil na batas. Kung ang reklamo ay kinasasangkutan ng diskriminasyon na base sa kapansanan, maaari itong i-apela sa Educational Equity Compliance Office (Tanggapan sa Pagsunod sa Pagkapantay-pantay ng Edukasyon sa Lahat) ng Distrito. Ang lahat ng mga apela ay dapat maglakip ng isang kopya ng orihinal na reklamo at desisyon ng Distrito.

### **Mga Reklamo sa Estado**

Sa halip na isang lokal na reklamo, maaari kang maghain ng isang reklamo nang direkta sa California Department of Education (CDE). Mamamagitan ang CDE kung ang iyong reklamo ay nagsasabi na:

- may paglabag sa batas na Pederal na namamahala ng espesyal na edukasyon;
- Hindi tumatanggap ng mga serbisyo ayon sa ipinahayag sa kanyang IEP;
- Ang iyong anak o ang isang pangkat ng mga bata ay nasa agarang pisikal na panganib o may banta sa kanilang kalusugan, kaligtasan o kapakanan;

- nabigo o tumanggi ang Distrito na sumunod sa mga pamamaraan sa makatarungang kaparaanan o pagsakatuparan ng isang utos ng makatarungang kaparaanang pagdinig;
- ang isang pampublikong ahensiya, maliban sa Distrito, ay nabigo o tumangging sumunod sa batas o regulasyon na kaugnay sa pagbibigay ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon; o
- nabigo ang Distrito sa pagsunod sa mga pamamaraan ng lokal na reklamo.

Maaari mong ipadala ang iyong nakasulat at pinirmahang reklamo sa:

Procedural Safeguards Referral Service  
 Special Education Division  
 California Department of Education  
 1430 N. Street, Suite 2401  
 Sacramento, CA 95814

Sa sandaling matanggap ang iyong reklamo, sisiyasatin ng CDE ang reklamo at magbibigay sa iyo ng isang nakasulat na desisyon sa loob ng animnapung (60) araw, maliban na lang kung pinapahintulutan ng sitwasyon ang palugit na panahon. Ang isang alternatibo sa paghintay ng animnapung (60) araw para sa nakasulat na desisyon mula sa CDE ay ang boluntaryong pagharap sa proseso ng Alternative Dispute Resolution (ADR, Alternatibong Paglutas ng Pagtatalo) ng Distrito, na suportado at kinilala ng CDE. Ang hangarin ng prosesong ADR ay malutas ang reklamo sa mabilis na paraan.

Sa loob ng tatlung (30) araw ng paglutas ng iyong reklamo, kokontakin ka ng CDE upang makumpirma ang matagumpay na paglutas ng iyong reklamo. Kung hindi ka nasisiyahan sa paglutas, maaari kang mag-apela sa United States Department of Education (Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos).

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon hinggil sa paghain ng reklamo sa CDE, maaari kang tumawag sa Quality Assurance Unit ng CDE sa (800) 926-0648.

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng Alternative Dispute Resolution (ADR) ng Distrito para sa maagang paglutas ng reklamo, mangyaring kontakin ang:

Educational Equity Compliance Office  
 333 South Beaudry Avenue, 20<sup>th</sup> Floor  
 Los Angeles, CA 90017  
 Phone: 213 241-7682  
 Fax: 213 241-3312

***Ang Karapatan ng Iyong Anak upang Maprotektahan laban sa Diskriminasyon at Panliligalig (Harassment)***

Nakatalaga ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles sa pagbibigay ng isang kapaligiran sa trabaho at pagtuto na malaya sa diskriminasyon at panliligalig batay sa kasarian, oryentasyong sekswal, gender, kinikilalang pangkat etniko, lahi, pinagnunuang angkan, pinagmulang bansa, relihiyon, kulay o mental o pisikal na kapansanan, o iba pang mga batayan na pinoprotektahan ng Pederal, Pang-estado, lokal na batas, ordinansa, o regulasyon. Ang panliligalig sa ilalim ng Titulo IX (kasarian), Titulo VI (lahi, kulay, o pinagmulang bansa), at Seksiyon 504 at Titulo II ng Americans with Disabilities Act (Batas para sa Mga Amerikano na May mga Kapansanan) (mental o pisikal na kapansanan) ay isang anyo ng labag sa batas na diskriminasyon na hindi pinapahintulutan ng Distrito. Ang panliligalig ay isang intimidasyon o pang-aabusong pag-uugali sa estudyante/empleyado na lumilikha ng isang kapaligirang puno ng poot, at maaaring magresulta sa isang aksiyong pandisiplina laban sa nagkasalang estudyante o empleyado. Ang asal na nanliligalig ay may maraming anyo, kabilang ang mga pagsasalita at insultong pagtawag, mga ginuhit at sinulat na pahayag o asal na nagbabanta ng pinsala sa katawan o nagpapahiya sa ibang tao.

Ang patakarang walang diskriminasyon ay sumasaklaw sa pagpasok o pag-akses, o pagtrato o

pagtrabaho sa mga programa at aktibidad ng Distrito, kabilang ang bokasyonanal na edukasyon. Ang kakulangan ng mga kakayahan sa wikang Ingles ay hindi magiging hadlang sa pagpasok o pagsali sa mga programa o aktibidad ng Distrito.

Ang karagdagang impormasyon na nagbabawal sa iba pang mga anyo ng labag sa batas na diskriminasyon/panliligalig, hindi angkop na pag-uugali, at/o mga krimeng dulot ng pagkasuklam ay maaaring makita sa iba pang mga patakaran ng Distrito na makukuha sa lahat ng mga paaralan at opisina. Layunin ng Distrito na mabasa ng lahat ang mga ganitong patakaran na magka-ayon upang maibigay ang pinakamataas na antas ng proteksiyon mula sa labag sa batas na diskriminasyon sa pagbibigay ng mga serbisyo at oportunidad sa edukasyon.

Ang lahat ng mga empleyado ay kikilos sa itatagal ng kanilang pagtatrabaho dito gamit ang mabuting salita, paggalaw, aksiyon, gawi upang masiguro na mabibigyan ang lahat ng mga estudyante ng makatarungan at pantay na pagsaalang-alang at pagtrato. Ang diskriminasyon/panliligalig sa anumang anyo sa mga estudyante dahil sa kanilang mga kapansanan ay hindi matatanggap, hindi etikal, at hindi pahihintulutan. Ang anumang paglabag sa patakaran ito ay iimbestigahan at mapapasailalim sa aksiyong pandisiplina.

Ang lahat ng mga dibisyon, opisina, at sangay sa Distrito ay may naiibang responsibilidad sa pagpapatupad sa patakaran ito ayon sa pamamahala ng Lupon ng Edukasyon at ng Superintendent.

Ang mga ehekutibong kawani, mga administrador, lahat ng mga dibisyon, mga lokal na distrito at administrador ng lokal na lugar ng paaralan ay mananagot sa pagpapatupad ng patakaran ito.

Pinagbabawal ng Distrito ang paghihiganti laban sa sinuman naghain ng reklamo o sumali sa imbestigasyon ng isang reklamo. Ang anumang mga tanong tungkol sa patakaran walang diskriminasyon ng Distrito o sa paghain ng mga reklamo sa diskriminasyon/panliligalig ay maaaring idirekta sa:

Educational Equity Compliance Office  
Los Angeles Unified School District  
333 South Beaudry Avenue, 20<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017  
Telepono: (213) 241-7682

Ang panliligalig na batay sa kapansanan ay intimidasyon o pang-aabusong pag-uugali sa estudyante na base sa kapansanan na lumilikha ng isang kapaligirang puno ng poot sa pamamagitan ng paghadlang sa o pagkaila sa paglahok ng estudyante o pagtanggap ng mga benepisyo sa mga programa at aktibidad ng Distrito. Ang asal na nanliligalig ay may maraming anyo, kabilang ang mga pagsasalita at insultong pagtawag, pati na ang mga hindi pasalitang kilos katulad ng ginuhit at sinulat na pahayag, o asal na nagbabanta ng pinsala sa katawan, nagdudulot ng pinsala o nagpapahiya sa ibang tao. Upang tumuntong sa antas ng labag sa batas na diskriminasyon, ang asal ay dapat inaayawan, matindi o laganap, at nakakagambala sa di makatwirang paraan sa kapaligiran kung saan natututo o nagtatrabaho o dapat lumikha ng isang kapaligiran kung saan natututo o nagtatrabaho na puno ng poot.

### **IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGSASAULI NG NAGUGOL PARA SA PAGKAKALAGAY SA PRIBADONG PAARALAN NA WALANG PAHINTULOT O PAGMUMUNGKAHI NG DISTRITO**

Hindi kailangang magbayad ang Distrito para sa edukasyon sa pribadong paaralan, kabilang ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, ng isang bata na may mga kapansanan kung inalok ng Distrito ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon na angkop sa bata sa isang paaralan sa Distrito, pero pinili mong ilagay ang iyong anak sa isang pribadong paaralan o pasilidad.

Kung nakatanggap noon ang iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa isang paaralan ng Distrito at pina-enrol mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan nang walang pahintulot o pagmumungkahi ng Distrito, maaaring utusan ng isang hukuman o opisyal ng makatarungang



kaparaanang pagdinig na isaui ng Distrito ang nagastos ng mga magulang para sa paglalagay sa pribadong paaralan kung hindi napapanahong nag-alok sa bata ang Distrito ng angkop na mga serbisyo sa espesyal na edukasyon bago ma-enrol ang bata sa pribadong paaralan.

Ang pagsasauli ng nagastos ay maaaring bawasan o ipagkaila kung hindi mo nabigyan ng abiso ang Distrito na:

- Tinanggihan mo ang paglalagay ng Distrito;
- Ano ang mga ikinababahala mo sa paglalagay; at
- Ang iyong balak na i-enrol ang iyong anak sa isang pribadong paaralan at humiling ng pagsasauli ng nagastos mula sa Distrito.

Dapat mong ibigay ang abisong ito sa pangkat ng IEP sa isang pagpupulong ng IEP bago mo inalis ang iyong anak sa pampublikong paaralan, o kailangan mong magbigay ng abiso sa Distrito sa pamamagitan ng sulat nang hindi kukulangin sa sampu (10) araw na may pasok sa trabaho bago mo inalis ang iyong anak sa pampublikong paaralan.

Ang pagsasauli ng nagastos ay maaaring bawasan o ipagkaila kung, bago nilagay ang bata sa pribadong paaralan, angkop na nagbigay ang Distrito ng abiso sa mga magulang ng bata sa kanyang balak na tasahin ang bata, pero hindi pinayagan ng mga magulang ang kanilang anak para sa gayong pagtatasa. Maaaring bawasan o ipagkaila ng hukuman ang pagsasauli ng nagastos kung nalaman nito na hindi makatwiran ang mga aksiyon ng mga magulang.

Hindi babawasan o ipagkaila ang pagsasauli ng nagastos para sa kabiguang magbigay ng abiso kung ikaw ay hindi nakakabasa o nakakasulat sa Ingles, kung ang pagbibigay ng abiso ay magresulta sa pisikal o matinding emosyonal na pinsala sa bata, o hinadlangan ka ng paaralan sa pagbibigay ng abiso.

### **IMPORMASYON TUNGKOL SA DISIPLINA**

Ang mga estudyanteng may mga kapansanan ay inaasahang sumunod sa mga code of conduct (katipunan ng mga patakaran sa asal) na binanggit sa *Parent Student Handbook (Handbook ng Magulang at Estudyante)*. Dapat mong repasuhin ang mga code of conduct kasama ng iyong anak para mulat siya kung anong kilos ang inaasahan sa paaralan. Kung may mga problema sa pag-uugali ang iyong anak sa paaralan, ikaw o ang kawani ng paaralan ay maaaring humiling ng pagpupulong ng pangkat ng IEP upang magtalakay sa angkop na pagtuturo, mga teknik na pansuporta sa pag-uugali, at/o mga suporta sa pag-uugali na maaaring tumulong sa iyo upang mapabuti ang pag-uugali ng iyong anak. Kung malubha ang iyong pag-uugali, maaaring humiling ka o ang kawani ng paaralan ng isang Functional Behavior Assessment (FBA, Pagtatasa para sa Pag-uugali sa Pang-araw-araw na Buhay). Ang mga natuklasan mula sa FBA ay maaaring gamitin upang bumuo o baguhin ang isang Plano ng Suporta sa Pag-uugali.

Maaaring alisin ng kawani ng paaralan ng bata na may kapansanan na lumalabag sa code of conduct ng estudyante mula sa kasalukuyang kinalalagyan patungo sa isang angkop na interim alternative educational setting (IAES, pansamantalang alternatibong lugar para sa edukasyon), ibang lugar, o suspensiyon, nang hindi lalampas sa sampung (10) araw na may pasok sa paaralan. Kung magrerekomenda ang kawani ng paaralan ng isang pagbabago sa kinalalagyan (*hal.*, suspensiyon, IAES, o pagpapaalis [expulsion] na lampas sa sampung (10) araw na may pasok sa paaralan), ang isang pagpupulong ng pangkat ng IEP ay gaganapin sa lalong madaling panahon, pero hindi lalampas sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan, upang malaman kung ang pag-uugali na nagdulot ng paglabag sa code ng paaralan ay isang manipestasyon ng kapansanan ng bata. Sa ilalim ng IDEA, ang asal ng bata ay isang manipestasyon ng kanyang kapansanan kung: (1) ang asal ay dulot ng, o may direkta at malaking relasyon sa, kapansanan ng bata; o (2) ang asal ay direktang resulta ng kabiguan ng Distrito na isakatuparan ang IEP ng bata.

Kung natukoy ng pangkat ng IEP na ang pag-uugali ay hindi manipestasyon ng kapansanan ng bata, maaaring disiplinahin ng paaralan ang bata sa parehong paraan na dinidisciplina nila ang mga batang walang mga kapansanan. Kung ang pagdidisiplina ay nagsasangkot ng pagbabago sa kinalalagyan, ang bagong paglalagyan ay pagpapasiyahan ng pangkat ng IEP. Sa bagong paglalagyan, magpapatuloy ang bata sa pagtanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon upang makayanan ng bata na magpapatuloy sa paglahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon at upang sumulong patungo sa pagkamit ng

kanyang mga hangarin sa IEP. Makakatanggap rin ang bata ng functional behavior assessment (pagtatasa para sa pag-uugali sa pang-araw-araw na buhay), at mga serbisyong interbensiyon sa pag-uugali at mga modipikasyon, kung naaangkop upang hindi na muling mangyari ang gayong asal.

Maaaring alisin ng kawani ng paaralan ang estudyante patungo sa isang IAES nang hindi lalampas sa apatnapu't limang (45) araw na may pasok sa paaralan nang hindi alintana kung ang pag-uugali ay natukoy bilang isang manipestasyon ng kapansanan ng bata, sa mga kaso kung saan nagdala o may armas ang bata, sadyang nagdala o gumagamit ng ilegal na droga, nagbebenta o bumibili ng isang kontroladong gamot, o nagbigay ng malubhang pinsala sa katawan sa ibang tao habang nasa paaralan, o sa loob ng paaralan, o sa isang pagdiriwang sa paaralan. Sa gayong mga sitwasyon, ang IAES ay pagpapasiyahan ng pangkat ng IEP ng bata. Kung ang pag-uugali ay walang sangkop na armas, mga ilegal na droga o pagbibigay ng malubhang pinsala sa katawan, maaaring humiling ang Distrito ng isang pagdinig kung naniniwala siya na ang pagpapanatili sa kasalukuyang paglalagyan ay malamang na malamang na magresulta sa pinsala sa bata o sa ibang tao. Sa pagsasagawa ng pasiya sa gayong pagdinig, maaaring mag-utos ang opisyal ng pagdinig nga isang pagbabago sa kinalalagyan patungo sa isang angkop na IAES nang hindi lalampas sa apatnapu't limang (45) araw na may pasok sa paaralan.

Kung hindi ka sang-ayon sa: anumang desisyon hinggil sa paglalagyan na nagresulta mula sa o pagkatapos ng isang aksiyong pagdidisiplina; o (2) isang pasiya na manipestasyon, maaari kang humiling ng isang pinabilis na makatarungang kaparaanang pagdinig upang i-apela ang desisyon o pasiya. Ang mga timeline sa pinabilis na pagdinig ay mas mabilis kaysa hindi pinabilis na mga usapin sa makatarungang kaparaanan. Ang timeline sa pagsagawa ng isang pinabilis na pagdinig ay dalawampung (20) araw na may pasok sa paaralan pagkatapos na ginawa ang kahilingan at dapat gumawa ng desisyon ang opisyal ng pagdinig sa loob ng sampung (10) araw na may pasok sa paaralan pagkatapos na pagdinig. Sa panahon ng mga pinabilis na usapin sa pagdinig, mananatili ang iyong anak sa IAES maliban na lang kung nagkasundo kayo ng Distrito na iba ang paglalagyan ng bata. Habang nasa IAES, magpapatuloy ang bata sa pagtanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon upang makayanan ng bata na magpapatuloy sa paglahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon at upang sumulong patungo sa pagkamit ng kanyang mga hangarin sa IEP.

### ***Mga Proteksiyon para sa Mga Bata na Hindi pa Karapat-dapat para sa Espesyal na Edukasyon at Mga Kaugnay na Serbisyo.***

Kung ang isang bata na hindi pa natukoy na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay lumabag sa code of conduct ng estudyante, pero alam ng Distrito bago nangyari ang gayong pag-uugali na may kapansanan ang bata, maaaring igiit ng bata ang alinman sa mga proteksiyon sa espesyal na edukasyon na inilarawan sa itaas. Ipagpapalagay na alam ng Distrito na may kapansanan ang bata kung bago nangyari ang pag-uugali:

1. Ipinahiwatig ang magulang ang ikinababahala niya sa pamamagitan ng isang sulat na nangangailangan ang bata ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa administratibong kawani ng Distrito o sa guro ng bata;
2. Humiling ang magulang ng isang pagtatasa para sa espesyal na edukasyon o
3. Ang guro ng bata, o ang iba pang kawani ng Distrito ay nagpahiwatig ng mga partikular na ikinababahala tungkol sa isang pattern ng pag-uugali na ipinakita ng bata sa administratibong kawani.

Hindi ipagpapalagay na may alam ang Distrito kung hindi pinahintulutan ng magulang ng bata ang isang pagtatasa o tumanggi siya sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Hindi rin ipagpapalagay na may alam ang Distrito kung natasa ang bata at nakitang hindi karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo o kung binawi ng magulang ang pahintulot para sa nagpapatuloy na pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Sa mga kasong iyon, maaaring disiplinahin ng Distrito ang bata sa parehong paraan ng pagdidisiplina nila sa mga batang walang mga kapansanan.

Kung ginawa ang kahilingan para sa pagtatasa sa panahon na dinidisciplina ang bata, magsasagawa ang Distrito ng pagtatasa sa isang pinabilis na paraan. Hanggang sa makumpleto ang pagtatasa, mananatili ang bata sa kinalalagyang pang-edukasyon na tinukoy ng mga awtoridad ng paaralan, na maaaring

kabilangan ng suspensyon o pagpapa-alis (expulsion). Kung natukoy ang bata na karapat-dapat sa ilalim ng IDEA, inaatasan ang Distrito na magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at umayon sa mga pananggalang sa proseso (procedural safeguard) na itinakda sa Patnubay na ito.

### ***Pag-uulat ng mga Krimen***

Hindi pinagbabawalan ng IDEA ang Distrito o ang mga kawani nito sa pag-ulat ng krimen na ginawa ng batang may kapansanan sa mga angkop na awtoridad. Hindi rin nito hinahadlangan ang tagapagtupad ng batas at mga awtoridad ng hukuman sa pagsagawa ng kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng batas. Kung mag-uulat ang Distrito ng isang krimen na ginawa ng isang bata na may kapansanan, sisiguraduhin ng Distrito na ipapadala ang mga kopya ng mga rekord sa espesyal na edukasyon at sa pagdisiplina sa angkop na mga awtoridad upang mapag-aralan nila.

### **IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA KAHALILING (SURROGATE) MAGULANG**

Upang maprotektahan ang mga karapatan ng bata, kailangang malaman ng Distrito kung nangangailangan siya ng surrogate na magulang, at kung angkop, magtatalaga ng surrogate na magulang kung:

- Walang makikilalang magulang o tagapag-alaga;
- Hindi mahanap ng Distrito ang magulang o tagapag-alaga, pagkatapos na makatwirang paghahanap;
- Ang bata ay isang ward ng Estado.
- Partikular na nilimitahan ng hukuman ang karapatan ng magulang o tagapag-alaga na gumawa ng mga desisyon sa kanyang edukasyon.
- Ang bata ay walang tirahan at wala sa pisikal na pangangalaga ng isang magulang o tagapag-alaga.

Kailangang siguraduhin ng Distrito na ang taong piniling surrogate na magulang ay walang interes na sasalungat sa interes ng batang kanyang kinakatawanan. Bukod dito, ang piniling tao ay dapat may kaalaman at mga kakayahan upang sapat na kumatawan sa bata.

Ang surrogate na magulang ay hindi dapat empleyado ng Distrito. Ang isang tao ay hindi empleyado ng Distrito dahil sa kaisa-isang dahilan na binabayaran siya ng Distrito upang magsilbing surrogate na magulang.

Ang surrogate na magulang ay maaaring kumatawan sa bata sa mga bagay na kaugnay sa pagkakakilanlan, pagtatasa, pagpapalano at pagbuo ng maituturo, pagrerepaso at pagbabago ng IEP, at iba pang bagay na kaugnay sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ng bata. Ang surrogate na magulang ay maaaring pumirma sa anumang pahintulot na kaugnay sa mga proseso at layunin ng espesyal na edukasyon.

Ang surrogate na magulang ay isaalang-alang ng Estado ng California na hindi nagdudulot ng pinsala kapag kumikilos sa kanyang opisyal na kapasidad maliban na lang kung magsasagawa siya ng mga walang pakundangan, walang pag-iingat, o malisyosong kilos o hindi pagkilos.

## MGA KADALASANG GINAGAMIT NA ACRONYM

<b>APE</b>	Adapted Physical Education (Inangkop na Pisikal na Edukasyon)
<b>ASL</b>	American Sign Language (Wikang Senyas ng Pang-amerikano)
<b>AT</b>	Assistive Technology (Tagatulong na Teknolohiya)
<b>BSP</b>	Plano sa Suporta sa Pag-uugali
<b>CAC</b>	Community Advisory Committee (Komiteng Nagpapayo sa Komunidad)
<b>CDE</b>	California Department of Education (Departamento ng Edukasyon ng California)
<b>DIS</b>	Designated Instruction and Services (Itinalagang Tagubilin at Mga Serbisyo) (Mga Magkakaugnay na Serbisyo)
<b>ESY</b>	Pinahabang Taon ng Paaralan
<b>FAPE</b>	Free Appropriate Public Education (Libre at Angkop na Pamublikong Edukasyon)
<b>504</b>	Section 504 of the Rehabilitation Act of 1973 (Seksiyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973)
<b>IDEA</b>	The Individuals with Disabilities Education Act (Batas para sa Edukasyon ng Mga Taong May Kapansanan)
<b>IEE</b>	Independent Educational Evaluation (Independiyenteng Pagtatasa para sa Edukasyon)
<b>IEP</b>	Individualized Education Program (Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal)
<b>ITP</b>	Individual Transition Plan (Plano sa Pagtransisyon ng Indibidwal)
<b>LAUSD</b>	Los Angeles Unified School District (Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles)
<b>LRE</b>	Least Restrictive Environment (Pinakahindi Restriktibong Kapaligiran)
<b>LEP</b>	Limited English Proficient (Limitadong Kakayahan sa Ingles)
<b>NPA</b>	Nonpublic Agency (Hindi Pamublikong Ahensiya)
<b>NPS</b>	Nonpublic School (Hindi Pamublikong Paaralan)
<b>OCR</b>	Office for Civil Rights (Opisina para sa mga Karapatang Sibil)
<b>OT</b>	Occupational Therapy (Terapiyang Panggawain)
<b>PT</b>	Physical Therapy (Pisikal na Terapiya)
<b>RSP</b>	Resource Specialist Program (Programa ng Espesyalistang Dulugan)
<b>SDP</b>	Special Day Program
<b>SSPT</b>	Student Support and Progress Team (Pangkat sa Pagsuporta sa Estudyante at Progreso)

**Ang Patnubay na ito ay makukuha sa:**

Armenian	Wikang Intsik
Ingles	Korean
Russian	Espanyol
Tagalog	Vietnamese
Farsi	

**Mga Nauugnay na Librito na Makukuha sa Iyong Lokal na Paaralan**

- *Are You Puzzled By Your Child's Special Needs? (Nalilito Ka Ba Sa Mga Espesyal Na Pangangailangan Ng Iyong Anak?)*
- *Complaint Response Unit (CRU, Yunit sa Pagtugon ng Reklamo)*
- *The IEP and You (Ang IEP at Ikaw)*
- *The ITP and You (Ang ITP at Ikaw)*
- *Least Restrictive Environment (LRE, Pinakahindi Restriktibong Kapaligiran)*
- *Section 504 and Students with Disabilities (Seksiyon 504 at mga Estudyantent may Mga Kapansanan)*
- *School Family Support Services (SFSS, Pampaaralan, Pampamilya at Pansuportang Serbisyo)*
- *Uniform Complaint Procedures (Mga Magkakaparehong Pamamaraan sa Pagreklamo)*

**Iba pang mga Dulugan ng Impormasyon**

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa espesyal na edukasyon o may mga karagdagang tanong ka tungkol sa edukasyon iyong anak, maaari mong kontakin ang sinuman sa sumusunod:

- Ang guro ng iyong anak
- Ang punong-guro ng paaralan ng iyong anak

**Sangay ng Espesyal na Edukasyon**

(213) 241-6701

<http://achieve.lausd.net/sped>